# Ang Bayan Ngayon Compilation

**Ang Bayan**

**September 2023**

*Ang pahayagang **Ang Bayan** ang upisyal na pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas. Ang AB ay inililimbag ng Komite Sentral ng PKP kada dalawang linggo at lumalabas sa ika-7 at ika-21 ng bawat buwan. Inilalathala ang AB sa orihinal na edisyong Pilipino at may mga salin na edisyon sa English, Bisaya, Hiligaynon, Waray, at Ilocano.*

*Sa harap ng mabilis na nagbabagong sitwasyong pampulitika at pang-ekonomya sa Pilipinas, gayundin sa buong mundo, naglalabas ang pahayagang Ang Bayan ng arawan na mga balita at pagsusuri sa mga susing usapin na kinakaharap ng proletaryo at sambayanang Pilipino, gayundin ng aping mamamayan sa iba't ibang sulok ng mundo. Makikita dito ang pinakahuling mga balita at artikulo ng **Ang Bayan Ngayon**.*

Table of Contents

Mga protestang suporta sa rebolusyonaryong kilusan sa Pilipinas, inilunsad sa buong mundo. 7

Tatlong sibilyan, tinangkang patayin ng 2nd IB sa Masbate.......................................................10

Limang M16, nasamsam ng BHB-Quezon sa isang ambus.........................................................12

Presensya ng US Navy sa Quezon, ikinababahala ng mamamayan...............................................14

22 sundalo ng 37th IB, napatay sa mga opensiba ng BHB-Sultan Kudarat....................................16

Dalawang organisador ng mangingisda, dinukot sa Bataan...........................................................18

Drayber at kasama niyang inaresto sa Batangas, nakalaya na........................................................20

Kumperensya ng mga Katolikong obispo, pinaalalahanan sa anti-mamamayang rekord ng NTF-Elcac...................................................21

Panggigipit sa mga manggagawang pangkultura, binatikos.....................................23

Suspensyon ng dagdag na rekisito para makabyahe, ikinatuwa ng mga migrante.........25

Badyet para sa pensyon ng mga sundalo at pulis, mas malaki kumpara sa badyet para sa agrikultura...................................................26

Koordinadong protesta laban Anti-Terror Law, inilunsad.....................................................27

Enrolment para sa taong 2024-2025, bagsak nang 3 milyon……………………………………………30

Mga estudyante, nagprotesta laban sa pagtapyas ng badyet para sa edukasyon………31

Mga manggagawa sa Calabarzon, di natuwa sa ₱35-₱50 dagdag sahod……………………………33

Higit ₱10 bilyong halaga ng gamot at bakuna, sinayang ng DOH………………………………………35

Laban ng manggagawa sa Jollibee sa New Jersey, nagpapatuloy…………………………………36

Operasyon ng 62nd IB sa Negros Occidental, binulabog ng BHB……………………………………38

Pagkawala ng 2 kabataang aktibista, kunektado sa reklamasyon ng San Miguel……………………40

Panibagong tulak para linisin ang pangalang Marcos sa akademya, kinundena…………………43

Armadong aksyon, inilunsad ng milisyang bayan sa Masbate City………………………………………46

NTF-Elcac, kinasuhan ng mamamahayag………47

Masang anakpawis, umalma sa walang awat na pagtaas ng presyo ng bigas at langis……………49

Matandang magsasaka, pinatay ng militar sa Masbate…………………………………………………51

Mga estudyante ng UP Diliman, nagprotesta sa unang araw ng klase…………………………………53

Oplan Pinta, tugon ng kabataan sa militarisasyon sa Sorsogon.............................54

Pagbisita ng mga upisyal ng US sa 3 EDCA site, binatikos....................................................55

Hindi marereremedyuhan ang kainutilan ng SIM Card Registration Law—mga grupo.................57

Kaso kontra Ressa, ibinasura; estudyanteng mamamahayag sa Bicol, ginigipit....................60

Matandang magsasaka, isa pa, di makatarungang inaresto ng PNP sa Negros Occidental.................................................62

Mga mag-aaral ng Ateneo sa iba't ibang kampus, nanindigan laban sa mandatory ROTC ...............................................................63

Mga manggagawa sa 3 malaking kumpanya ng sasakyan sa US, nagwelga.............................65

Mga manggagawa sa Central Visayas, umalma sa huling-huli at napakaliit na dagdag-sahod. .67

Pagpatay sa abugada sa Abra, kinundena ng mga kapwa abugado, iba pang grupo..............69

"Insulto" ang 15-taong pagkakakulong sa pumatay kay Jullebee Ranara.........................72

Magsasakang dinukot sa Sipalay City, natagpuang patay; isa pa, nawawala...............73

8 sundalo ng 17th IB, napatay sa engkwentro sa BHB-West Cagayan........................................74

Barangay sa Iloilo, 2 oras na kinanyon ng 301st IBde……………………………………………………75

Maharlika Fund, muling kinwestyon sa Korte Suprema……………………………………………76

Mga empleyado ng DSWD, nagprotesta……….78

Mga neoliberalistang upisyal sa ekonomya, pinatatalsik…………………………………………80

Planong pambobomba ng 2nd IB sa Masbate, napaatras………………………………………………81

500 war game at ibang aktibidad militar; dagdag na base militar, itinutulak ng US sa Pilipinas………………………………………………83

CAFGU at aset ng militar, inambus ng BHB-Western Samar…………………………………………85

Klase sa mga paaralan sa Masbate, nakansela dulot ng palabas na engkwentro ng 2nd IB…..86

Nag-ooperasyong tropa ng 4th SRB at 42nd IB, binigwasan ng BHB-Eastern Samar……………..88

1-linggong kampuhan ng mga magsasaka sa Antipolo, inilunsad……………………………………89

AFP, kidnapper at sinungaling!……………………91

Mag-asawang sibilyan, pinaslang ng militar sa Masbate………………………………………………93

Mapanirang operasyong kwari sa Mindoro, pinarusahan ng BHB………………………………96

Militanteng unyon ng mga panadero, panalo sa eleksyon sa Laguna........................................97

Unyon sa Pasig City, nagprotesta kontra ‘deadlock’ sa CBA..........................................99

Organisador sa Isabela, inaresto sa gawa-gawang kaso...............................................101

3 upisyal ng unyon ng Nexperia, balak tanggalin ng kumpanya..............................................102

Mga “crab net” ng mga mag-aalimango sa Gubat, iligal na kinumpiska...........................104

Mga upisyal ng NTF-Elcac, ‘guilty’ sa red-tagging.....................................................106

Katiting na rolbak sa presyo ng langis, insulto sa maralita...................................................107

Masaker sa 6 na indibidwal sa Kabankalan City, pinaiimbestigahan........................................109

Mga manggagawa sa Cebu, ginigipit gamit ang EO 23......................................................111

NGO, lider-manggagawa sa Cebu, ginigipit sa kasong “terorismo”......................................113

Reaksyunaryong sistemang hustisya, di epektibo sa pagresolba sa mga kaso ng paglabag sa karapatang-tao.........................116

46 bala ng kanyon, pinasabog ng AFP sa mga kabundukan ng Masbate.............................118

Panukalang badyet sa 2024 ng rehimeng Marcos, iniratsada........................................120

Sektor ng edukasyon, nagkaisa para isulong ang dagdag-sweldo..............................................123

Dagdag-sahod sa Central Luzon, kulang na kulang......................................................125

Dinukot ng miilitar na mga tagapagtanggol ng kalikasan, dumulog ng proteksyon sa Korte Suprema..................................................127

Grupo ng kababaihang magsasaka, di bilib sa mga pahayag ni Marcos sa liberalisasyon at presyo ng bilihan ng bigas............................130

Nag-ooperasyong tropa ng 80th IB, pinatamaan ng BHB-Quezon..........................................131

Niratsadang panukalang badyet sa pasismo at kurapsyon, binatikos ng kabataan.................132

## Mga protestang suporta sa rebolusyonaryong kilusan sa Pilipinas, inilunsad sa buong mundo

Setyembre 1, 2023

Inilunsad nitong Agosto 26 sa iba’t ibang panig ng mundo ang mga protesta at aktibidad bilang pagsuporta sa kilusan para sa pambansang pagpapalaya sa Pilipinas. Pinamunuan ang Global Day of Action ng Friends of the Filipino People in Struggle (FFPS), internasyunal na grupong sumusuporta sa pambansa-demokratikong kilusan ng Pilipinas.

Naglunsad ng pagkilos at aktibidad ang mga Pilipino at organisasyong kasapi ng FFPS sa Utrecht, The Netherlands, Vancouver at Toronto sa Canada, pitong syudad sa Germany kabilang ang Memmingen, Leipzig, Regensburg, Rostock at Ulm, Basel sa Switzerland, Madrid at Valencia sa Spain, at Oregon at Washington sa US.

Ang kilusan para sa pambansang pagpapalaya sa Pilipinas ay pinamumunuan ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP), at ng armadong pwersa nito na Bagong Hukbong Bayan (BHB), at nakatatamasa ng suporta mula sa iba't ibang mga alyadong organisasyon sa ilalim ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP).

“Nananatiling nasa ilalim ng kontrol ng imperyalismong US ang Pilipinas sa pamamagitan ng hindi patas na ugnayan sa kalakalan, at nagpapatuloy na pagpapalawak ng base militar ng US sa bisa ng EDCA (Enhanced Defense Cooperation Agreement),” pahayag ni Ka Coni Ledesma, kasapi of the NDFP negotiating panel sa pangunahing demonstrasyon ng FFPS sa Utrecht, The Netherlands.

Sa protesta, ipinagtanggol ni Thomas Hofland, tagapangulo ng Revolutionaire Eenheid, organisasyong kasapi ng FFPS na nakabse sa The Netherlands, ang rebolusyonaryong kilusan mula sa pagbabansag dito ng reaksyunaryong estado ng Pilipinas at US bilang “terorista.” Aniya, “ang pakikibaka ng mamamayang Pilipino para sa pambansang pagpapalaya at tunay na demokrasya ay hindi terorismo…hindi terorismo ang pagpili ng

mamamayang labanan ang pambansang pang-aapi at dayuhang imperyalistang paghahari.”

Ang ibang mga grupo ay nagsagawa ng raling iglap, porum, pamamahagi ng polyeto at kampanyang impormasyon, paglaladlad ng balatengga, pagpapaskil ng poster, at mga pagtitipon para itampok ang kilusan para sa pambansang pagpapalaya sa Pilipinas.

Nanawagan ang mga grupo na wakasan na ang paghahari ng imperyalismong US sa Pilipinas at ang pagpapadala ng kagamitang pandigma na itinututok ng rehimeng Marcos Jr sa mamamayang Pilipino. Sa tala ng Ang Bayan, hindi bababa sa 100,000 ang biktima sa 954 kaso ng paglabag sa karapatang-tao sa unang taon sa poder ni Marcos Jr.

“May kakagyatan na suportahan ang rebolusyong Pilipino sa lahat ng porma nito, at laluna ang armadong pakikibaka,” ayon naman kay Veron Soewari ng FFPS. Binigyang diin niya ang kahalagahan ng pagsuporta dito nasaan mang bahagi ng mundo.

“Gagawin namin ang lahat para suportahan ang pambansa-demokratikong rebolusyon ng Pilipinas at kaakibat nito, ang pagsulong ng pakikibaka laban sa imperyalismong US at lahat ng sistema ng pang-aapi at pagsasamantala,” dagdag pa ni Soewari.

Ang pagkilos ng FFPS noong Agosto 26 ay itinaon sa paggunita sa Sigaw ng Pugad Lawin, ang hudyat ng pagsisimula ng Rebolusyong Pilipino

laban sa pananakop ng Espanya sa bansa noong 1896.

Nagpasalamat naman ang NDFP sa FFPS at lahat ng mga kasapi at alyado nito sa kanilang pakikiisa sa pakikibaka ng mamamayang Pilipino para sa pambansa at panlipunang pagpapalaya.

## Tatlong sibilyan, tinangkang patayin ng 2nd IB sa Masbate

Setyembre 1, 2023

(Itinuwid- September 6, 2023) Tinangkang patayin ng mga pwersa ng 2nd IB ang tatlong sibilyan sa isang bahay sa Sityo Milagro, Barangay Guindawhan, Pio V. Corpus, Masbate noong Agosto 30. Naunang iniulat noong Setyembre 1 na napaslang sa masaker ang tatlo ngunit kamakailan ay nakumpirma na nakatakas ang mga biktima mula sa brutal na krimen ng mga pasistang berdugo.

Ang bahay ay walang patumanggang pinaulanan ng bala ng mga sundalo. Sa ulat mismo ng militar, nagsimula ang sinasabing “engkwentro” bandang alas-5:45 ng umaga. Matapos ang krimen, winasak ng mga berdugo ang bahay ng mga biktima at ninakaw ang bigas ng mga ito.

Matatandaang noong Agosto 19 lamang, sadyang pinatay ng mga sundalo ng 96th IB at mga pulis ng Masbate ang tatlong sibilyang babae sa Barangay Jagnaan sa San Jacinto, isla ng Ticao, Masbate. Pinalalabas din na napatay sila sa isang armadong sagupaan. Ang mga biktima ay sina

Jelyn Guis Dejomo, 56 anyos, Sheryl Salazar Dejomo, 29 anyos, at Divina Lubiano Ajitan, 60 anyos.

Ang tangkang pagmasaker at sadyang pagpatay sa mga sibilyan ay malalang paglabag sa internasyunal na makataong batas at mga alituntunin ng digma.

Nanawagan ng hustisya ang Pambansang Katipunan ng Magbubukid (PKM)-Masbate para sa mga biktima ng karumal-dumal na mga krimen ng AFP. Giit ng mga magbubukid, dapat sama-samang kumilos at labanan ang kampanyang teror ng AFP at PNP laban sa masang magsasaka sa Masbate.

Anang grupo, “malaki ang pananagutan ng rehimeng Marcos Jr sa malawakang pamamaslang sa prubinsya na pangunahing tumatarget sa masang magsasaka. Nasa likod nito ang walang tigil na mga maniobra ng kanyang mga pinapaburang mga kumpanya ng Filminera Resources Corporation, ekoturismong Empark at pagtatayo ng paliparang pang-internasyunal.”

Paliwanag nila, dadambungin ng naturang mga proyekto ang buhay, kabuhayan at lupa ng masang magsasaka. Dagdag pa ng PKM-Masbate, kasabwat ng mga ito ang naghaharing pamilyang pampulitika na Kho.

“Dapat…pagkaisahin ang lakas at isulong ang mga kampanyang pagpapalayas sa mga sundalo at pulis na salot sa buhay at kabuhayan ng masa. Higit kailanman, kailangang patuloy na

suportahan ng masang Masbatenyo ang armadong paglaban sa prubinsya," giit pa ng grupo.

Samantala, nagbabala si Ka Luz del Mar, tagapagsalita ng BHB-Masbate, sa sunud-sunod na karahasan ng mga armadong pwersa ng estado. Aniya, layunin ng mga pakanang ito ang lumikha ng senaryo ng kaguluhan sa prubinsya at bigyang rason ang pagdeklarang muli sa Masbate bilang "election hotspot" sa harap ng papalapit na eleksyong pambarangay at sangguniang kabataan.

---

Pagtutuwid sa artikulo

Naunang iniulat sa artikulo ang pagkamatay ng mga biktima dahil sa pagpapaulan ng bala ng mga sundalo. Matapos ang ilang araw, nakumpirma ng mga tagapagbalita na nakaligtas ang mga biktima mula sa tangkang masaker. Humihingi kami ng paumanhin sa pagkakamaling ito.

## Limang M16, nasamsam ng BHB-Quezon sa isang ambus

Setyembre 2, 2023

Nasamsam ng mga mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Quezon ang limang ripleng M16, mga bala at iba pang kagamitang militar sa isang ambus laban sa mga pasistang tropa ng 85th IB at CAFGU sa Sityo Pag-asa, Barangay Mapulot, Tagkawayan, Quezon kahapon nang umaga. Limang sundalo ang napatay habang apat ang kumpirmadong nasugatan sa berdugong 85th IB.

Ang naturang mga sundalo ay magsasagawa ng rekorida sa palibot ng kanilang kampo nang tambangan ng mga Pulang mandirigma sa ilalim ng BHB-Quezon (Apolonio Mendoza Command). Ayon sa ulat, kalalabas pa lamang ng kampo ng naturang mga sundalo at CAFGU mula sa detatsment nito sa Sityo Pag-asa nang tambangan ng mga mandirigma.

Sa ulat ng BHB-Quezon, gumamit ang mga mandirigma ng command-detonated explosive (CDX) na asintadong pinasabog laban sa mga sundalo. Taliwas ito sa pahayag ng mga sundalo at pulis na sumabog ang bomba nang "maapakan" ito ng nag-ooperasyong tropa ng 85th IB.

Ayon kay Ka Cleo del Mundo, tagapagsalita ng BHB-Quezon, ang naturang armadong aksyon ay "pagpapatibay ng katarungan sa lahat ng biktima ng 85th IB." Dagdag pa niya, ang opensiba ay "para sa mga minamahal naming masa na nakaranas ng tortyur, panggigipit at pamamaslang ng mga berdugong sundalo sa ilalim ng rehimeng US-Duterte at nagpapatuloy sa kasalukuyang rehimeng US-Marcos II."

Tinatayang aabot sa 20,000 ang kaso ng paglabag sa karapatang-tao sa ilalim ng isinasagawang mga focused military operations ng AFP sa mga komunidad ng Quezon mula pa sa ilalim ng rehimeng Duterte.

Kakatwa din, ayon kay del Mundo, ang pagpapahayag ng mga yunit ng Armed Forces of the Philippines (AFP) at ng pulis, na sinang-ayunan ni Gov. Helen Tan ng Quezon, na ang

umatakeng yunit ng BHB ay mula pa sa rehiyong Bicol. “Kailangan nila itong gawin para pabulaanang may rebolusyunaryong kilusan pa, sa pangunguna ng BHB sa Quezon,” ayon kay del Mundo, matapos ang deklarasyong “insurgency-free” sa prubinsya noong Hunyo.

Matapos ang naturang deklarasyon, iniraratsada ang pagpasok ng mga mapanira at dambuhalang dam, mga proyektong renewable energy, pagpapalit-gamit ng lupa, operasyong kwari at iba pa na pumipinsala sa buhay at kabuhayan ng mamamayan.

Nananawagan naman ang BHB-Quezon sa lahat ng magsasaka na huwag sumapi sa CAFGU. “Huwag kayong maging taksil sa inyong kauring magbubukid. Kung nais ninyong magserbisyong-militar, sa yunit ng BHB ang inyong tamang lugar,” pahayag pa ni del Mundo.

## Presensya ng US Navy sa Quezon, ikinababahala ng mamamayan

Setyembre 2, 2023

Lubhang nabahala ang mga residente ng Atimonan, Quezon sa nabunyag na presensya ng mga sundalong Amerikano sa kanilang bayan noong Agosto 13. Naiulat na nagsasagawa ng sarbey ang isang tim ng US Navy, katuwang ang Armed Forces of the Philippines (AFP), sa naturang bayan.

Ayon sa mga residente sa lugar, nagsarbey ang mga sundalong Amerikano bilang paghahanda sa

Balikatan 39-2024. Naghahanap diumano sila ng lugar para paglagakan ng kanilang mga kagamitang militar. Bahagi umano sila ng US Indo-Pacific Command Humanitarian Civic Assistance Team.

Nangangamba ang mga residente sa magiging epekto ng naka-ambang war game tulad ng nangyari sa Balikatan exercise sa Northern Luzon ngayong taon. Sa naturang war game, pinigilan ang taumbaryo na maghanapbuhay. Ilang araw na hindi nakapalaot ang mga mangingisda.

Kinundena naman ni Ka Cleo del Mundo, tagapagsalita ng Apolonio Mendoza Command-New People’s Army, ang panghihimasok ng US Navy sa prubinsya.

“Kailangan nating maging mapagbantay sa pagpasok ng mga dayuhang Amerikano sa ating lalawigan. Malaking posibilidad na isa ito sa mga pakana ng reaksyunaryong gobyerno para papasukin ang dayuhang pamumuhunan na magreresulta sa pagkawasak ng kalikasan at kapayapaan sa Quezon,” ayon kay Del Mundo.

Kaugnay pa, pinangangambahan din ng mga taga-Quezon na maging dahilan ito para itayo ang mga base militar ng sundalong Amerikano na magdadala ng karahasan at mga anti-sosyal na gawain sa lugar. Inalala ni Del Mundo ang pagpatay kay Jeniffer Laude noong 2014 ni Joseph Scott Pemberton, isang sundalong Amerikano na nakadaong sa base militar sa Olongapo City. Bagamat nasentensyahan, hindi siya ipinailalim sa awtoridad ng Pilipinas.

Samantala, nananawagan si Del Mundo sa mga lokal na upisyal ng pamahalaan at mamamayan ng lalawigan na tutulan ang nasabing ehersisyong militar at ipagtanggol ang soberanya ng bansa laban sa dayuhang kontrol.

"Sama-sama nating labanan at tutulan ang nagbabadyang panghihimasok ng sundalong Amerikano sa ating lalawigan. Tungkulin ng mga lokal na pamahalaan at lahat ng makabayang pwersa sa prubinsya ng Quezon na huwag hayaan na maganap ang Balikatan Exercise. Ang pagpasok ng dayuhan sa lalawigan ay magbibigay-daan sa higit na kontrol ng Estados Unidos sa ating bayan at soberanya," dagdag pa ni Del Mundo. (Ulat ng NPA-Quezon)

## 22 sundalo ng 37th IB, napatay sa mga opensiba ng BHB-Sultan Kudarat

Setyembre 3, 2023

Hindi bababa sa 22 sundalo ng Armed Forces of the Philippines (AFP) ang napatay sa mga taktikal na opensiba ng inilunsad ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa kampanya ng pagkontra sa mahigit dalawang buwan nang laking dibisyong operasyon ng 6th ID mula pa noong Hunyo 15. Pinakilos sa naturang focus military operation ang 37th IB, 57th IB, 7th IB at mga tropa ng Special Forces Battalion.

Ayon sa ulat ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Sultan Kudarat, ang 22 sundalong napatay ay kabilang sa 37th IB. Hindi rin bababa sa 18 ang nasugatan sa naturang mga taktikal na opensiba

ng BHB mula Hunyo 17 hanggang Hulyo 26. Isinagawa ang apat na taktikal na opensiba sa bayan ng Kalamansig, Sultan Kudarat.

Noong Hunyo 17, pinaputukan ng BHB-Sultan Kudarat ang isang kolum ng 37th IB sa Sityo 30, Barangay Hinalaan. Sa kasunod na araw, pinaputukan ng mga Pulang mandirigma ang isa pang yunit ng 37th IB sa bulubunduking bahagi ng parehong barangay. Lima ang kabuuang bilang ng napatay na sundalo ng 37th IB habang walo ang nasugatan sa magkasunod na opensibang aksyon.

Inambus naman ng BHB ang nag-ooperasyong yunit ng 37th IB sa Barangay Datu Wasay noong Hunyo 19. Nasa 15 minuto lamang ang itinagal nang pag-atake ng mga Pulang mandirigma ngunit dahil sa takot at pagkataranta ay aabot sa dalawang oras na nagpaputok ang pinatamaang mga sundalo ng 37th IB. Sa nakalap na ulat, hindi bababa sa pitong sundalo ang napatay at 10 ang nasugatan.

Noong Hulyo 9, nagsagawa ng operasyong haras ang mga Pulang mandirigma laban sa tatlong kolum ng mga sundalong nag-ooperasyon sa Sityo Sorong, Barangay Hinalaan. Bilang ganting salakay ng takot na takot na mga sundalo, kung saan-saan nagpaputok ang mga ito nang aabot sa tatlong oras. Hindi rin bababa sa 17 bala ng kanyon ang pinakawalan ng AFP.

Sa ulat ng mga residente, tinatayang hindi bababa sa 10 ang napatay mula sa 37th IB. Ang mga bangkay ng sundalo ay dinala sa sentro ng barangay kung saan nakahimpil ang nag-

ooperasyong tropa ng 37th IB. Ayon pa sa ulat, itinago ng yunit na nagkaroon ng mis-engkwentro sa kanilang hanay sa kasagsagan ng putukan na nagdulot ng pagkatamay ng sarili nilang mga tropa.

Para kontrolin ang impormasyon at maghasik ng takot, hindi nila pinalabas ang mga residente sa tatlong komunidad at hinamlet ang mga ito. Labis na naapektuhan ang kabuhayan ng mga magsasaka sa lugar.

Samantala, binigo ng BHB ang tangkang reyd ng mga sundalo sa temporaryong kampo nito sa Barangay Batang-Baglas, Palimbang noong Hunyo 26. Nagawang makapagmaniobra ng mga Pulang mandirigma at makapaghatid ng pinsala sa umaatakeng kaaway. Hindi bababa sa pitong sundalo ang napatay at 10 ang nasugatan. Samantala, walong mandirigma ng BHB ang nagtamo ng minor na mga sugat sa insidente.

## Dalawang organisador ng mangingisda, dinukot sa Bataan

Setyembre 3, 2023

Dinukot ng pinaniniwalaang mga pwersa ng estado ang dalawang kababaihang organisador ng mangingisda na sina Jhed Tamano, 22, at Jonila Castro, 21, noong Setyembre 2 ng gabi. Ayon sa mga nakasaksi, marahas na isinakay sa isang gray na SUV ang dalawa sa harap ng Orion Water District sa Barangay Lati, Orion, Bataan.

Si Tamano ay koordineytor ng Community and Church Program for Manila Bay ng Ecumenical Bishops Forum habang si Castro ay isang boluntir para sa AKAP Ka Manila Bay. Ang AKAP KA Manila Bay ay isang network ng mga mangingisda, taong-simbahan, kabataan at iba pang mga sektor na nagtatanggol sa kalikasan, kabuhayan at tahanan na maapektuhan ng proyektong reklamasyon sa Manila Bay.

Ang dalawa ay parehong nagtapos sa Bulacan State University. Si Castro ay kumuha ng kursong psychology habang si Tamano ay kumuha ng kursong business economics.

Nagboluntir ang dalawa para magsiyasat sa epekto ng sunud-sunod na pagbaha at pagbagsak ng kita ng mga mamamayan sa latian na ilan lamang sa epekto ng reklamasyon sa Manila Bay. Bago ang insidente, naghahanda sina Castro at Tamano para sa isasagawang operasyong relief at konsultasyon sa mga komunidad sa Bataan.

Huli silang nakontak ng kanilang mga kaibigan bandang alas-7 ng gabi noong Setyembre 2 at simula noon ay wala nang balita sa kanilang kalagayan at kinaroroonan. Nakuha pa sa huli nilang tukoy na kinaroroonan ang isang pares ng tsinelas at isang piraso ng sandals na napag-alamang pag-aari ng dalawa. Bago pa man ang insidente, iniulat na ng mga biktima ang paulit-ulit na paniniktik sa kanila.

Kinundena ng Karapatan at iba't ibang mga grupo sa karapatang-tao ang pagdukot ng mga pwersa ng estado sa dalawa. Sa huling tala ng grupo, sina

Tamano at Castro ay ang ika-9 at ika-10 biktima ng sapilitang pagkawala sa ilalim ng rehimeng Marcos Jr.

## Drayber at kasama niyang inaresto sa Batangas, nakalaya na

Setyembre 4, 2023

Nakalaya na mula sa higit isang linggong pagkakakulong sina Jose Escobio at Junald Jabonero kahapon, Setyembre 3. Ang dalawa, kasama ang organisador ng Samahan ng mga Magbubukid sa Batangas (SAMBAT) na si Ernesto Baez Jr, ay iligal na inaresto noong Agosto 24 ng umaga sa San Juan, Batangas. Sinampahan sila sa gawa-gawang kaso ng illegal possession of firearms at illegal possession of explosives.

Pansamantalang nakalaya ang dalawa matapos ilabas ng Office of the Provincial Prosecutor (OPP)-Batangas ang resolusyong kinakailangan munang sumailalim sa Preliminary Investigation (PI) sina Escobio at Jabonero. Naglalabas ng katulad na resolusyon sa panahong may iregularidad sa paraan ng pagkuha ng ebidensya o hindi malinaw ang salaysay ng mga nagreklamo.

Samantala, nanatiling nakapiit si Baez Jr sa kasong illegal possession of firearms at nangangailangang magpyansa para rito. Isinailalim din ng prosekyutor sa preliminary investigation ang kasong illegal possession of explosives na isinampa laban kay Baez Jr.

Itinanggi ng tatlo ang mga akusasyon sa kanila ng pulis. Ayon kay Escobio at Jabonero, sinundo nila si Baez Jr sa isang resort sa San Juan gamit ang kanilang sasakyan at habang bumabyahe ay sapilitang pinahinto ng mga pulis at iligal na inaresto.

Salaysay pa ng tatlo, matapos tutukan ng baril ay tinakluban ang kanilang mga mukha at sapilitang isinakay sa ibang sasakyan. Matapos ang ilang minuto, muling isinakay ang tatlo sa kanilang sasakyan na mayroon nang itinanim na mga ebidensyang mga baril at pampasabog. Dinala pa umano sila sa tulay sa Barangay Buhay na Sapa sa San Juan at doon pinalabas na nadakip.

## Kumperensya ng mga Katolikong obispo, pinaalalahanan sa anti-mamamayang rekord ng NTF-Elcac

Setyembre 5, 2023

Matapos lumitaw ang balitang magiging bahagi ang isang komisyon ng Catholic Bishops' Conference of the Philippines (CBCP) ng Komiteng Tagapagpaganap ng anti-mamamayang National Task Force-Elcac ng rehimeng Marcos, kabi-kabila ang paalala ng mga grupo ng mga taong-simbahan at mga tagapagtanggol ng karapatang-tao sa mga obispo. Anila, dapat tandaan ng CBCP na marumi at madugo ang rekord ng NTF-Elcac at dapat maging mapagbantay dahil baka gamitin sila ng naturang ahensya.

Sa isang pahayag, sinabi ng Promotion of Church People's Response (PCPR) na dapat maging

mapagbantay ang CBCP sa pagbibigay ng kredibilidad sa NTF-Elcac. Dagdag pa ng grupo, "dapat maingat na pag-aralan ang pakikipag-ugnayan dahil ang pakikisalamuha sa NTF-Elcac ay mayroong epekto sa propetiko…at ministro ng pagtataguyod ng kapayapaan ng simbahan."

Ayon pa sa grupo, ang sinasabing makatao at panlipunang serbisyong inihahatid ng NTF-Elcac sa mga komunidad ay nasa balangkas ng kontra-insurhensyang kampanya nito na maaaring makakompromiso sa inilahad nilang "tunay na misyon ng simbahan." "Dapat tayong maging maingat at matalino sa kung paanong ang Simbahan at ang iba pang mga sektor ay maaaring gamitin sa isang militaristang adyenda sa pamamagitan ng NTF-Elcac," dagdag ng PCPR.

Kinunena naman ng Student Christian Movement of the Philippines (SCMP) ang "mapanghimasok na taktika ng NTF-Elcac para imilitarisa at pakialaman ang sibilyang awtoridad" matapos ianunsyo ang umano'y pakikiisa ng CBCP. Ayon sa SCMP, sangkot ang NTF-Elcac sa pagpapakalat ng malisyosong kasinungalingan, red-tagging at iba pang mga paglabag sa karapatang-tao. Anila, maging ang mga lider at tauhan ng simbahan ay hindi naging ligtas sa red-tagging at panggigipit ng ahensya.

Sa ilalim lamang ng rehimeng Marcos Jr, hindi bababa sa 94,448 ang naging biktima ng mga paglabag sa karapatang-tao. Naitala ng Ang Bayan ang aabot sa 954 kaso (o higit dalawang kaso kada araw) ng mga paglabag sa karapatang-tao sa buong bansa.

Kaugnay nito, naglabas ng pahayag ng paglilinaw si Bishop Pablo Virgilio David, D.D., ang pangulo ng CBCP, na kaya sila makikipag-ugnayan sa NTF-Elcac ay para tugunan ang mga isyu tulad ng red-tagging sa mga progresibong grupo at organisasyon sa Simbahan.

"Pag-uusapan namin ang bagay na ito at magbubuo ng kongkretong resolusyon sa aming darating na pagpupulong sa Permanent Council ng CBCP," ayon pa kay Bishop David. Dagdag niya pa, "maaari din kayang makipag-usap sa ahensyang ito ng gubyerno nang hindi na pumaloob sa Komiteng Tagapagpaganap nito?"

Hiling ng mga progresibong grupo at grupo ng mga taong-simbahan sa CBCP na maging maingat at mapagbantay sa magiging desisyon at pakikipag-ugnayan nito sa NTF-Elcac. "Sana ay pamunuan nila ang kanilang mga myembro tungo sa katotohanan at pagkamakatwiran, kalayaan at demokrasya, at hustisya at kapayapaan," pagtatapos pa ng PCPR sa kanilang pahayag.

## Panggigipit sa mga manggagawang pangkultura, binatikos

Setyembre 6, 2023

Nagprotesta ang mga makabayang artista at mga pangkulturang organisasyong masa sa Department of Justice sa Quezon City noong Setyembre 5 para batikusin ang panggigipit ng Quezon City Police Department (QCPD) kay Max Santiago at sa tatlo pang kasapi ng Bagong Alyansang Makabayan. Kinasuhan sila ng

paglabag sa Clean Air Act (Republic Act No. 8749) dahil sa pagsusunog ng effigy noong Hulyo 24 kasabay ng ikalawang state of the nation address ni Marcos Jr.

Sa pangunguna ng Concerned Artists of the Philippines (CAP), isinagawa ang protesta kasabay ng preliminary investigation kaugnay ng mga kasong isinampa sa apat na manggagawang pangkultura.

Giit ng mga grupo, ginagamit ng estado ang Clean Air Act at Ecological Solid Waste Management Act (RA 9003) para gipitin ang kalayaan sa pagpapahayag. Panawagan nila na ibasura na ang mga kaso at ipagtanggol ang mga demokratikong espasyo at karapatan ng mga artista at manggagawang pangkultura.

Anila, ang mga effigy ay simbolo ng protesta at sumasalamin sa tunay na kundisyon ng bansa katulad na lamang ng ipinakita ng likha ni Max Santiago na pinamagatang “Doble Kara.”

Binatikos din ng CAP ang panggigipit ng pulis sa mga artista sa nililikha nilang effigy at sining dahil ito ay sumasalamin sa mga katotohanang gusto nilang itago at ibaon sa limot. Patunay nito ang pamahayag ng QCPD na ang effigy ay pambabastos kay Marcos Jr.

## Suspensyon ng dagdag na rekisito para makabyahe, ikinatuwa ng mga migrante

Setyembre 6, 2023

Tinawag na paunang tagumpay ng Migrante International ang suspensyon ng Department of Justice (DOJ) sa pagpapatupad ng patakaran ng Inter-Agency Council Against Trafficking’s (IACAT) na dagdagan ang mga rekisito sa pagbyahe sa labas ng bansa. Inilabas ang patakaran noong Agosto at sisimulan sanang ipatupad noong Setyembre 3.

Alinsunod sa naturang bagong patakaran, planong hingin sa mga bibiyaheng migrante ang dagdag na mga dokumento, tulad ng patunay ng mayroon silang pampinansyang kapasidad o “show money” bago sila payagang sumakay sa eroplano.

Inilulusot ng IACAT ang mapaniil na rekisito sa anito’y “paglaban sa human trafficking.” Pero ang pagdagdag ng mga rekisitong dokumento at ang dagdag na awtoridad ng mga upisyal sa imigrasyon para arbitraryong kilatisin ang mga ito, ay labag sa karapatan sa pagbyahe, ayon sa mga migrante.

Liban pa dito, nakikitang labag din ito sa karapatan sa pribasiya. Nagbibigay puwang rin ito para sa dagdag na panghuhuthot ng korap na mga upisyal sa imigrasyon.

“Ang suspensyon ng patakaran ay resulta ng lehitimong daing na ibasura ang patakaran at malawakang pagtutol ng mga overseas Filipino workers,” ayon sa Migrante International. Subalit, anila, sa kabila nito ay dapat magpatuloy pa ang pagkalampag para tuluyan nang ibasura ang patakaran.

Giit pa ng grupo, dapat ang habulin ng gubyerno ay ang mga human trafficker at hindi ang mga biktima ng mga ito. “Malalabanan lamang [ng gubyerno] ang human trafficking kung epektibo itong makalilikha ng disenteng mga trabaho sa sariling bayan at itigil ang pagpapatindi sa programang labor-export ng bansa,” dagdag ng grupo.

## Badyet para sa pensyon ng mga sundalo at pulis, mas malaki kumpara sa badyet para sa agrikultura

Setyembre 7, 2023

Sukdulan ang pambubundat ng reaksyunaryong estado sa pasistang makinarya nito na mas mataas pa ang inilaang badyet para sa mga retiradong pulis at sundalo kaysa sa inilalaan nito para sa pagpapaunlad ng agrikultura.

“Mas malaki pa ang badyet para sa pension ng pulis at militar kumpara sa badyet para agrikultura,” batikos ng KMP. ‘Maling-mali ang prayoridad ng gubyerno sa pagbabadyet.”

Binigyang-pansin ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP) na sa panukalang badyet, ang nakalaan para sa Department of Agriculture ay nasa ₱108.5 bilyon lamang, na mas maliit pa kaysa ₱129.82 bilyon na nakatakdang ilaan sa pensyon ng mga retiradong militar at pulis. Ang pondong pampensyon na ito ay bahagi ng ₱232.2 bilyong badyet para sa Department of National Defense.

Binatikos din ng grupo nag “black budget” o ang bilyun-bilyong pondong pang-confidential at intelligence funds ng presidente, bise presidente at iba pang ahensya ng ehekutibo.

“Kada piso mula sa kaban ng bayan ay marapat gastahin ng mahusay at para sa kapakanan ng mga Pilipino,” anang grupo. “Ang pondong confidential at pang-inteledyens ay hindi magbebenepisyo sa mga magsasaka sa palayan na binabayo ng mataas na gastos sa produksyon at maliliit na manininda ng bigas na nalulugi ngayon dahil sa rice price ceiling.”

Panawagan din nilang huwag bigyan ni isang sentimo ang NTF-Elcac at ang Barangay Development Program (BDP) nito.

“Ang (badyet) para sa BDP na umaabot sa ₱8.6 bilyon o ₱10 milyon kada isa sa 864 na barangay ay gagamitin lamang para sa pondohan ang pwersahang pagpapasurender,” anito.

## Koordinadong protesta laban Anti-Terror Law, inilunsad

Setyembre 7, 2023

Inilunsad ngayong araw, Setyembre 7, ng iba’t ibang demokratikong grupo at tagapagtanggol ng karapatang-tao ang koordinadong protesta laban sa Anti-Terrorism Act (Republic Act No. 11479) at Terrorism Financing Prevention and Suppression Act (Republic Act No. 10168). Tinawag nilang mga “instrumento ng batas militar” ang dalawang batas at labag sa mga karapatang demokratiko at

sibil ng mamamayang Pilipino. Isinagawa ang protesta sa harap ng Kongreso sa Quezon City. Itinaon ang pagkilos sa araw ng pagdinig sa badyet para sa Department of National Defense.

“Kabilang sa pinakanakababahala na aspeto ng mga batas na ito ay ang probisyon na nagpapahintulot sa estado na i-designate o tagurian ang mga inbidibwal bilang mga terorista sa pamamagitan ng ex parte proceeding, na bumabalewala sa due process at presumption ng pagiging inosente (hanggang di napatutunayang nagkasala),” pahayag ng grupong Karapatan. Ang pagiging arbitraryo nito ay lantarang paglabag sa batayang mga karapatang-tao.

Pinansin ng mga grupo na paparaming mga aktibista at tagapagtanggol ng karapatang-tao ang inilalagay na sa listahan ng mga “terorista,” sinampahan ng gawa-gawang mga kasong kriminal at ang itinatali sa ligal na mga kaso ang kanilang mga ari-arian at propyedad. Kabilang sa mga ito ang mga mamamahayag, mga lider-katutubo sa Southern Tagalog, Cordillera at Mindanao, kabataang aktibista, taong-simbahan at mga manggagawa mula sa Southern Tagalog, Bohol, Davao at Northern Mindanao. Isa sa mga arbitraryo at walang batayang iniipit ng estado sa pamamagitan ng mga batas na ito ang Rural Missionaries of the Philippines.

“Ang ganitong walang pakundangang awtoridad na pangalananan at kasuhan ang mga indibidwal bilang mga terorista ay nagpapatunay na napaiilalim na tayo sa anino ng batas miltar,” pahayag ng Karapatan. “Binigyan nito ang

gubyerno ng labis-labis na kapangyarihan para labagin ang batayang karapatan at kalayaan ng mamamamayan, supilin ang paglaban, itarget ang mga kalaban sa pulitika at patahimikin ang mga kritiko nito. Ang mga batas na ito, na dagdag na bumabakbak sa dati nang mabuway na demokratikong karapatan, ay nilikha para magtanim ng takot sa mamamayan at gawin silang sunud-sunuran. Kinakatawan ng mga ito ang paghaharing awtoritaryan sa kongkreto."

Kasabay ng pagbabasura sa dalawang batas, nanawagan din ang mga aktibista sa pagbasura sa confidential at intelligence funds sa pambansang badyet na anila'y gagamitin lamang para tiktikan, i-profile, gipitin at sikilin ang mga kritiko ng estado.

Sa Cebu City, nagrali ang mga mga myembro ng Karapatan-Central Visayas sa harap ng Visayas Central Command para tutulan ang pagbibigay sa DND at AFP ng pondong pangkurakot at para sa terorismo at pananakot sa mamamayang Pilipino. Kasabay nilang ipinananawagan ang pagbuwag sa NTF-Elcac.

## Enrolment para sa taong 2024-2025, bagsak nang 3 milyon

Setyembre 8, 2023

Ikinabahala ng Alliance of Concerned Teachers ang nairehistrong tatlong milyong pagbagsak ng bilang ng mga nag-enrol para sa taong 2024-2025. Ayon sa talaan ng Department of Education, nasa 25.9 milyon pa lamang ang nakapag-enrol noong

Setyembre 5, mas mababa ng tatlong milyon sa 28.8 milyong target na bilang ng estudyante para sa taon. Nagsimula na ang klase noong huling linggo ng Agosto.

Aminado ang DepEd na marami ang hindi nag-enrol ngayong taon, dagdag sa mga estudyanteng nasa mga lugar ng sakuna.

Liban pa dito, hindi pa rin sinosolusyunan ng DepEd at gubyernong Marcos ang taunang kakulangan ng klasrum. Ngayong taon, tinatayang nasa 159,000 klasrum ang kulang, 189,324 ang sira at kailangang kumpunihin at 21,727 ang di na magamit.

Ayon sa ACT, kulang din ng 13 milyong upuan ang mga eskwelahan. Nananatili rin ang kakulangan ng mga titser at iba pang mga tauhan sa mga paaralan. Sa kabila nito, abala ang kalihim ng DepEd sa pagtatanggol sa hinihingi niyang "confidential at intelligence fund" na anito'y para sa "pambansang seguridad."

"Nasasapanganib ang kinabukasan ng ating mga bata, at di natin pwedeng hayaang may maiwan ni isa," pahayag ng ACT. "Nananawagan kami sa bise presidente at DepEd na pagtuunan ng pansin ang problemang ito kaysa sa pagsarbeylans sa nakikita nitong mga kaaway."

Bago nito, binatikos ng ACT ang DepEd sa pag-amin nitong ginamit nito ang pondong confidential at pang-inteledyens para "imonitor ang sarili nitong personel at mga estudyante" na kunwa'y may kaugnayan sa "pagrerekrut" ng Bagong

Hukbong Bayan sa mga pampublikong eskwelahan. Inamin pa ng isa sa mga upisyal ng kagawaran na mayroon itong sinasarbeylans diumano na 16 na pampublikong hayskul kaugnay nito.

Binatikos ang paniniktik ng DepEd sa sariling tauhan at mga estudyante maging sa Senado.

"Hindi kailanman lehitimong target para sa pang-eespiya ang mga bata," ayon kay Sen. Risa Hontiveros. "Kasama sa pagtitiyak na ligtas ang ating mga bata ang pagtitiyak na malayo sila sa potensyal na abuso mula sa sarbeylans ng estado."

## Mga estudyante, nagprotesta laban sa pagtapyas ng badyet para sa edukasyon

Setyembre 10, 2023

Isinagawa ng grupong Anakbayan ang isang candle lighting at protesta sa harap ng Philippine General Hospital sa lunsod ng Maynila noong Setyembre 8 para ipagtanggol ang karapatan ng kabataan sa libreng edukasyon. Binatikos nila ang kakulangan ng suporta ng estado sa sektor at mga mapaniil na patakaran nito tulad ng binabalak na mandatory ROTC.

"Saksi tayo ngayon sa nagpapatuloy na mga atake sa ating mga demokratikong karapatan at pagbabaliktad sa mga pinaghirapan nating mga tagumapay," ayon sa grupo. Dalawa sa mga tagumpay na ito ang libreng tuition sa kolehiyo na nais ngayong tanggalan ng pondo ng estado at

ang dati nang naibasurang mandatory ROTC na nais ibalik ngayon ng rehimeng Marcos.

Aktibong itinutulak ni Sec. Benjamin Diokno ng Department of Finance na amyendahan ang batas na nagbibigay ng libreng tuition sa lahat ng mga estudyante at ibigay na lamang ang karapatan na ito sa "karapat-dapat" na mga estudyante.

"Naniniwala kami na lahat ng mga estudyanteng Pilipino ay karapat-dapat sa libreng edukasyon dahil ito ay isang karapatan," pahayag ng Anakbayan. Tinawag nitong anti-estudyante si Diokno at sinabing mas "di sustenable" ang milyun-milyong sweldo niya kumpara sa ₱65 kada araw lamang na ginagastos ng gubyerno sa bawat estudyante sa kolehiyo sa ilalim ng free tuition fee law.

"Limitado na nga yung nakatatamasa ng libreng edukasyon sa bansa natin tatapyasan pa ng budget," pahayag ni Kate Almenzo, tagapagsalita ng grupo.

"Mas nakagagalit na naglalaan ang gubyerno ng ₱61.2 bilyon para sa implementasyon ng mandatory ROTC, confidential at intelligence funds, contigent funds, presidential travel funds at NTF-Elcac state terror funds," ayon sa grupo.

Binatikos din ng grupo ang mga militarista sa gubyerno na nagtutulak na ibalik ang mandatory ROTC, dalawang dekada matapos ito ibasura, sa tabing ng "patriyotismo" at "disiplina."

"Gaano man karami ang mga lektura sa pekeng patriyotismo galing sa mga katulad nina Robin

Padilla at Bato de la Rosa, hinding-hindi kami makukumbinse na dapat rekisito sa lahat ng mga estudyante ang ROTC," anito.

"Sa gitna ng kadiliman na patuloy na sumasaklot sa ating bayan, kaming mga kabataan ay titindig at magdadala ng liwanag sa lahat ng sulok ng ating bansa. Hindi namin hahayaan na burahin ng nasa kapangyarihan ang natitira sa ating mga demokratikong karapatan," panata ng grupo.

## Mga manggagawa sa Calabarzon, di natuwa sa ₱35-₱50 dagdag sahod

Setyembre 10, 2023

Hindi natuwa ang mga manggagawa sa Region IV-A sa wage order na ipinalabas noong Setyembre 8 ng Regional Tripartite Wages and Productivity Board in Region IV-A. Sa Wage Order No. IVA-20, itataas ang sahod ng buong Calabarzon nang ₱35 hanggang ₱50 para sa mga manggagawa sa agrikultura, di agrikultura, mga manggagawa sa retail at serbisyo, depende pa sa heograpikal na lokasyon nila. Magkakabisa ang kautusan sa Setyembre 24.

"Sa kabila ng masiglang pagpapahayag ng mga manggagawa ng Calabarzon na magbigay ng makabuluhang dagdag-sahod, kibit-balikat ang RWB IV-A sa makatwiran naming panawagan," pahayag ng Workers' Initiative for Wage Increase -ST. Nagsampa ang grupo ng petisyon para sa ₱750 uniform wage sa buong Calabarzon. Liban sa kakapiranggot, pinanatili rin ang di

pagkakategorya at pag-iiba-iba sa mga sahod sa loob ng iisang rehiyon," batikos ng grupo.

Sa isinampang petisyon ng mga manggagawa, tinaya nilang nasa ₱929 kada araw ang cost of living sa rehiyon.

"Mailalapit sana dito ang cost of living na ₱1,086 sa rehiyon (ayon sa IBON) at sa pambansang panawagan para sa ₱1100 family living wage kung itinaas sa iisang ₱750 ang sahod sa Region IV-A," pahayag ng grupo. "Pero parang hindi interesado ang RWB IV-A sa pagkakamit ng family living wage."

Sa harap ng kautusan, panawagan ng mga manggagawa sa Southern Tagalog na tuloy ang laban.

"Dapat lalong palakasin ang mga pagkilos at panawagan sa iba't ibang mga venue para mapataas ang sahod sa buong bansa." Panawagan nila ang pagkamit ng nakabubuhay na sahod para sa lahat.

## Higit ₱10 bilyong halaga ng gamot at bakuna, sinayang ng DOH

Setyembre 11, 2023

Bilyun-bilyong halaga ng gamot at bakuna ang sinayang ng Department of Health noong nakaraang taon dulot ng "sobrang paggasta, di maayos na proseso ng procurment at palpak na distribusyon at sistema ng pagmonitor." Ayon sa Commission of Audit (CoA) na nagsagawa ng

awdit dito, nagresulta ito sa “pagwawaldas ng pondo at rekurso ng gubyerno.”

Sa 2022 taunang awdit o pagtutuos ng COA, napag-alaman nitong ang DOH ay may ₱2.3 milyong halaga ng mga gamot ang expired na, ₱203.6 milyon ang sobra-sobra ang stock, ₱5 bilyon ang hindi kaagad naipamahagi at ₱1.5 bilyon ang di naipamahagi.

Liban dito, napag-alaman din ng COA na may ₱9.75 milyong dosis ng mga bakuna laban sa COVID-19 ang nawaldas at ₱3 bilyong halaga ng mga bakuna ang di nagamit. Bulto ng nasayang na bakuna ay nasa Metro Manila (3.72 milyong dosis), sunod sa Central Luzon (3.56 milyong dosis), Eastern Visayas (1.67 milyong dosis) at Caraga (786,000 dosis).

Ayon sa COA, ang di nagamit na mga dosis ay dulot ng pamamahagi sa mga ito ng National Vaccination Operations Center nang malapit na sa petsang mapapaso na, kundiman paso na.

Dagdag dito, napag-alaman din ng COA na hindi ginasta ng DOH ang ₱3.056 bilyong badyet na inilaan dito bilang tugon ng gubyerno sa pandemya noong 2022. Dahil di ginasta, ang ₱2.14 bilyon sa pondo ng ahensya ay ibinalik na sa pambansang gubyerno. Ibig sabihin, hindi na buong maipatutupad ang mga proyekto, programa at aktibidad na marapat ginamitan ng naturang pondo.

Ang di mahusay na paggamit ng DOH ng pondo at pagsasayang ng kinakailangang mga gamot at

rekurso ay bahagi ng kapalpakan estado na tugunan ang karapatan sa kalusugan ng mamamayan. Habang sinasayang ng DOH ang mga gamot at rekurso nito, mayorya ng mga Pilipino ang kinailangang gumasta mula sa kanilang bulsa dahil sa kasalatan ng mga serbisyo at gamot ng lokal na mga health center laluna sa kanayunan.

## Laban ng manggagawa sa Jollibee sa New Jersey, nagpapatuloy

Setyembre 11, 2023

Muling nagprotesta noong Setyembre 8 ang tinanggal na mga manggagawa ng Jollibee Journal Square sa New Jersey para igiit na ibalik sila sa trabaho at dinggin ang kanilang petisyon para sa nakabubuhay na sahod at maayos na kundisyon sa paggawa. Inilunsad ang protesta matapos itanggi ng Jollibee ang mga reklamong inihain ng National Labor Relations Board (NLRB) ng US laban sa kanila kaugnay ng paglabag sa karapatan sa paggawa.

Naghain ng pormal na reklamo ang NLRB noong Agosto 24 laban sa kumpanyang Honeybee Food Corporation, kumpanya ng Jollibee Foods Corporation sa North America, dahil sa paglabag sa karapatan sa paggawa sa restawran nito sa Journal Square. Nagreklamo ang mga manggagawa noong Hulyo matapos sisantehin ang siyam sa kanila noon pang Pebrero dahil sa pangunguna sa isang petisyong kontra sa mababang pasahod at sobra-sobrang trabaho.

Simula pa Hulyo, umani ng suporta ang pagkilos ng mga manggagawa ng Jollibee at inilunsad nitong Justice For Jollibee Workers. Sa kanilang petisyon sa restwaran bago tanggalin, iginiit nilang ipatupad ang mas maayos na mga kundisyon sa paggawa, holiday pay at dagdag na $3 sa sahod kada oras. Hiling nilang gawing $17 kada oras ang kanilang natatanggap na sahod.

Nakasaad sa kaso ng NLRB na dapat dinggin ng Jollibee ang kahingian ng mga manggagawa nito sa Journal Square kabilang na ang pagbabalik sa trabaho ng siyam na manggagawang iligal na tinaggal, pagbibigay ng back pay mula nang sila'y tanggalin, at liham na humihingi ng dispensa sa mga tinanggal.

Dapat din umanong tiyakin ng Jollibee na ipinapabatid nito sa mga manggagawa ang kanilang mga karapatan tulad ng nakasaad sa batas pederal. Hinimok ng NLRB ang Jollibee na ipaskil sa kanilang mga restawran ang karapatan ng mga manggagawa, magsagawa ng pulong kasama sila at iba pang porma. Pinatugon ng NLRB ang Jollibee noong Setyembre 7.

"Ang pagsasampa ng kaso ng NLRB ay nagpapatibay sa aming mga reklamo. Nilabag ang aming karapatan sa pag-oorganisa at napakaraming ebidensya para patunayan ito," ayon kay Mary Taino, isa sa mga sinisanteng manggagawa.

Dagdag pa niya, naniniwala silang mga manggagawa na makakamtan nila ang hustisya dahil mayroon silang pinanghahawakang mga

ebidensya. “Hinihikayat namin ang iba pang mga manggagawa ng Jollibee na ipahayag din ang kanilang mga hinaing. Huwag ninyong hayaan ang malalaking korporasyon tulad ng Jollibee na takutin kayo. Nais lamang natin ng mas maayos na lugar sa paggawa para sa lahat,” paliwanag pa ni Taino.

Noong 2022, nakapagtala ng netong kita ang Jollibee Foods Corporation, na pag-aari ni Tony Tan Caktiong, ng $2.6 bilyon. Si Caktiong ay ika-7 sa 10 pinakamayayamang Pilipino sa bansa. Ang Jollibee ay kabilang sa nangungunang 20 kumpanyang nag-eempleyo ng mga kontraktwal na manggagawa.

## Operasyon ng 62nd IB sa Negros Occidental, binulabog ng BHB

Setyembre 11, 2023

Pinaputukan ng mga mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Central Negros ang nag-ooperasyong tropa ng 62nd IB sa Purok Tumpok, Barangay Riverside sa Isabela, Negros Occidental noong Agosto 30. Nagpapahinga ang naturang tropa ng 62nd IB nang bulabugin ng BHB bandang alas-9:30 ng gabi.

Sa ulat ng BHB-Central Negros, isang sundalo ang napatay habang dalawang iba pa ang nasugatan. Sa takot, nagsitakbuhan sa kung saan-saang direksyon ang tropa ng 62nd IB. Itinago din ng mga ito ang bilang ng kaswalti sa kanilang hanay.

“Ang opensibang ito ng BHB-Central Negros laban sa 62nd IB ang wastong tugon sa marami nang mga paglabag sa karapatang-tao sa [mga residente] sa bayan ng Isabela,” ayon kay Ka JB Regalado, tagapagsalita ng yunit ng BHB.

Ang 62nd IB ay sangkot sa mga kaso ng panggigipit, sapilitang pagpasok sa mga bahay ng residente, at iba pang paglabag sa karapatan ng mga residente sa sityo Caliban, Hinagduan, Camandagan, sa Aguntilang uno, dos at tres sa Barangay Riverside. Salot din ang yunit sa mga residente sa mga barangay ng Banog-banog, Sikatuna, Cab-cab at Makilignit sa bayan din ng Isabela.

Samantala, nanawagan si Ka JB Regalado sa lahat ng yunit at mandirigma sa ilalim ng kumand ng BHB-Central Negros na maglunsad pa ng kasunod na mga taktikal na opensiba. “Parusahan ang mga traydor, PNP, AFP laluna ang berdugong 62nd IB,” pagtatapos niya.

## Pagkawala ng 2 kabataang aktibista, kunektado sa reklamasyon ng San Miguel

Setyembre 11, 2023

Naglunsad ng protesta ngayong araw, Setyembre 11, ang mga kamag-anak, kasama, taong-simbahan mula sa United Church of Christ in the Philippines (UCCP), mga kasaping mangingisda ng Pamalakaya mula sa Cavite at mga myembro ng AKAP Ka Manila Bay para ipanawagan ang kagyat

na paglilitaw sa dalawang aktibista na dinukot ng mga ahente ng estado.

Dinukot noong Setyembr 2 sina Jhed Tamano at Jonila Castro, mga aktibistang pangkalikasan na noo'y nagsasagawa ng konsultasyon sa mga residenteng nakatira sa baybayin ng Manila Bay sa bandang Bataan. Ayon sa mga nakasaksi, pwersahan silang isinakay sa isang van, alas-7 ng gabi sa harap ng Orion Water District office sa Barangay Lati, Orion, Bataan. Si Castro, 21, ay community organizer ng AKAP KA Manila Bay, kapatid na organisasyon ng Pamalakaya, habang si Tamano, 22, ay program coordinator ng Community and Church Program for Manila Bay na bahagi ng Ecumenical Bishops Forum.

"Ang mga bayan sa baybay ng Bataan ay kabilang sa maraming erya na nasa panganib ng mga proyektong reklamasyon," pahayag ng Pamalakaya. Kabilang sa mga proyektong sumasaklaw dito ang ang 18,000-ektaryang Manila Bay Integrated Flood Control, Coastal Defense and Expressway Project. Liban dito, saklaw ang lugar sa samutsaring mga komersyal na proyekto ni Ramon Ang ng San Miguel Corporation, kabilang ang dambuhalang "syudad" ng Aerotropolis sa Bulacan.

"Laganap na ang harasment at intimidasyon laban sa aktibista at mangigisdang kontra-reklamasyon mula nang nagsimulang palayasin ng San Miguel Corporation ang mga komunidad, at matapos isabatas ng noo'y rehimeng Duterte ang RA 11506, ang batas na nagpahintulot sa San Miguel Inc na magtayo, paunlarin, itayo, patakbuhin at

imantine ang internasyunal na paliparan at kaakibat nitong “airport city,” pahayag ng AKAP KA Manila Bay.

Nagsimula ang intimidasyon sa Barangay Taliptip noong 2020, kung saan isang detatsment pangmilitar ang itinayo para palayasin ang mga residente o di kaya’y takutin sila para tanggapin ang kakarampot na kabayarang iniaalok ng SMC kapalit ang kanilang lupa at kabuhayan. Noong 2021, sinimulan ng SMC ang operasyong dredging sa Malolos, Bulacan ng kinontrata nitong kumpanyang Dutch na Boskalis. Nagresulta ito sa pagbagsak ng nahuhuling isda sa lugar, gayundin ang pagsasara ng natitirang mga asinan sa prubinsya. Tulad sa Taliptip, dumanas ang mga residente rito ng intimidasyon, banta ng demolisyon at samutsaring panggigipit ng lokal na gubyenro, katuwang ang NTF-Elcac.

Sa Obando, Bulacan, dalawang mangingisda ang inaresto matapos silang lumahok sa isang kontra-reklamasyon na aktibidad. Isang grupo ng 40 mangingisda at mga menor-de-edad ang iligal na binimbin ng mga elemento ng CAFGU sa Obando. Nagtutuluy-tuloy ang harasment at pananakot sa mga residente sa iba’t ibang bayan ng Bulacan hanggang sa ngayon.

Sa Bataan, nakaranas ng harasmnet mula sa mga pulis ang mga mangingisda ng Capunitan, Orion. Ayon sa ulat ng mga residente, iligal silang pinalalayas ng mga pulis para bigyan-daan ang konstruksyon ng isang “komersyal na proyektong pangkaunlaran” ng SMC.

“Ilang buwan matapos nito, nakaranas sina Tamano at Castro, mga aktibistang anti-reklamasyon, ng sarbeylans at harasment sa Baragay Balut, Orion,” salaysay ng AKAP KA Manila Bay. Liban sa pakikisalamuha at pakikipanayam sa mga residente, nasa lugar ang dalawa noong Setyembre para maghanda sa isang relief operations.

“(N)apakasama ng kanilang sinapit,” pahayag ng grupo, kaugnay sa pagdukot sa dalawa noong Setyembre 2. “Winasak ang mga CCTV footage, at may nagpakalat pa sa mga nag-aalalang residente at mga saksi na biro lamang ang pagdukot sa kanila. Hindi rin pinayagan ng mga pulis ang ina na Castro na maghain ng reklamo at ipablotter ang insidente.”

Katunayan, kaliwa’t kanan ang pagsisinungaling ng pulis sa Orion sa naganap na pagdukot. Una nilang itinanggi na naganap ang krimen, at nagsabi pang walang nagsampa ng reklamo kaugnay dito. Apat na araw matapos ang insidente, binisita pa ng pulis ang ina ni Castro sa kanilang bahay sa Plaridel, Bulacan, hindi para tulungan ang pamilya kundi para siraan si Jonila. Bago nito, ilang beses nang binisita ng isang sundalo ang ina ni Jonila para kumbisihin siyang “ipasurender” ang anak.

“Tumanggi man ang mga pwersa ng estado sa kanilang papel sa pagdukot at sabihin man nilang rebelde ng NPA o komunistang mga organisador (ang dalawa), hindi nila maitatanggi na nasa unahan sina Tamano at Castro sa paghamon sa mga proyektong reklamasyon at pagsusulong sa

mga karapatan ng mangingisda at kanilang mga pamilya," pahayag ng grupo. "(Malinaw) na ang AFP, CAFGU, DILG, NTF-ELCAC, at SMC ang nagkakalat ng teror at takot sa mga komunidad."

## Panibagong tulak para linisin ang pangalang Marcos sa akademya, kinundena

Setyembre 11, 2023

Kabi-kabila ang pagkundena ng mga guro at akademiko, gayundin ng mga biktima ng diktadurang Marcos, sa hakbang ng Department of Education (DepEd) na tangggalin ang pangalang "Marcos" bilang kakambal ng "diktadura" sa mga aralin kaugnay sa 14-taong diktadura ni Ferdinand Marcos Sr sa mga librong pang-elementarya.

Isinapubliko noong Setyembre 10 ang isang memorandum mula sa Bureau of Curriculum Development ng DepEd na may petsang Setyembre 6, na ang mga katagang "Diktadurang Marcos" sa librong Araling Panlipunan para sa Grade 6 ay ginawa na lamang na "Diktadura." Ang binagong kurikulum ay bahagi ng "Matatag Kurikulum" ni Sara Duterte at sisimulang gamitin sa akademikong taong 2026-2027.

Ayon sa Congress of Teachers/Educators for Nationalism and Democracy (Contend), grupo ng mga guro at propesor, layunin ng hakbang na ito na "baluktutin ang kasaysayan sa pamamagitan ng pagmamaliit sa imahe ni Ferdinand Marcos Sr bilang diktador." Liban sa mga layuning ito sa

pulitika, walang kongkretong datos na maaaring sumuporta sa desisyon ng DepEd na baguhin ang aralin, ayon sa grupo.

Panawagan nila na "itakwil" ang kahindik-hindik na hakbang na ito, at papanagutin si Duterte na nagsisilbing instrumento sa pambabaluktot ng kasaysayan mismo ng estado.

Liban sa pambabaluktot ito, insulto ito sa mga biktima ng mga paglabag sa karapatang-tao ng diktadurang Marcos Sr, ayon naman kay House Deputy Minority Leader at ACT Rep. France Castro.

"Ang hakbang para tanggalin ang pangalang Marcos sa "diktadurang Marcos" ay harapang pagtatangkang linisin ang mga krimen at brutalidad na isinagawa sa ilalim ng kanyang rehimen," ayon kay Castro. Labag din ito sa Republic Act [No.] 10368, o sa Human Rights Victims Reparation and Recognition Act na isinabatas noong 2013.

"Hindi kesyo ang nakaupong presidente ay anak ng diktador na si Marcos ay mangangahulugan na ito na buburahin na lamang natin ang pangalan ng kanilang pamilya bilang wastong katawagan sa diktadura," aniya. Panawagan niya sa DepEd na kagyat na bawiin ang desisyong ito at ibalik ang tamang paglalarawan sa kasaysayan ng batas militar sa mga teksbuk.

"Hindi natin pwedeng payagan ang pagbubura sa kasaysayan at pagbabaluktot sa katotohonan," dagdag ni Castro. "Responsibilidad natin na

panghawakan ang mga alaala ng mga pinahirapan (ng diktadura) at tiyakin na ang mga aral sa nakaraan ay natututunan, para pigilang maulit ang gayong mga inhustisya."

"Hindi pwedeng maging "Voldermort" o "Siya-na-Hindi-Pwedeng-Pangalanan (si Marcos!)," ayon naman kay Judy Taguiwalo, dating kalihim ng Department of Social Welfare and Development at isa sa mga prominenteng aktibistang kontra-diktadura. Tinutukoy niya ang kontrabida sa sikat na libro at pelikulang Harry Potter na hindi pinangangalanan dahil sa takot sa kanya ng ibang karakter. Aniya, paano malalaman ng mamamayan, laluna ng mga bata, kung sino ang responsable sa pandarambong at mga brutalidad sa panahon ng martial law kung hindi siya papangalanan?

Ayon naman kay Francis Gealogo, propesor sa Ateneo de Manila University, ang pagtatanggal ng pangalan ni Marcos ay mahahalintulad sa paglalarawan ng krimen nang walang kriminal o ng pagpatay nang walang mamamatay-tao.

## Armadong aksyon, inilunsad ng milisyang bayan sa Masbate City

Setyembre 12, 2023

Nagsagawa ng operasyong haras ang isang yunit ng milisyang bayan laban sa kontra-insurhensya yunit ng pulis na nasa Sityo Kampoon, Barangay Batuhan, Masbate City noong gabi ng Setyembre 3. Hindi bababa sa tatlong pulis ang nasugatan sa armadong aksyon.

Ang naturang barangay at mga karatig pang komunidad nito sa Masbate City ay malaon nang ipinaiilalim ng militar at pulis sa militarisayson. Inookupa nila ang mga barangay sa tabing ng Retooled Community Support Program. Labis na perwisyo ang idinulot nito sa mapayapang paghahanap-buhay ng mga magsasaka at taumbaryo.

Binati ni Ka Luz del Mar, tagapagsalita ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Masbate, ang armadong opensiba ng milisya sa lugar. Anito, "ang kapangahasan ng yunit milisya upang ipatupad ang atas na bigwasan ang kaaway ay pagpapamalas sa matindi nitong galit. Walang katakut-takot nitong hinaras ang mga pulis."

Binigyang diin pa ni del Mar ang kahalagahan ng tungkulin ng milisyang bayan sa inilulunsad ng pakikidigmang gerilya sa prubinsya. Aniya, "kabisado ng mga milisya ang pasikot-sikot ng kanilang mga lugar at eryang kinikilusan. Malaking bentahe ito na mabigwasan ang kaaway nang walang kamalay-malay."

## NTF-Elcac, kinasuhan ng mamamahayag

Setyembre 12, 2023

Naghain ng kasong sibil sa Quezon City Regional Trial Court ang mamamahayag na si Atom Araullo laban sa mga ahente ng National Task Force-Elcac na si Lorraine Badoy-Partosa at Jeffrey Celis nitong Lunes, Setyembre 11. Isinampa niya ang kaso kaugnay ng walang tigil na paninira at

pagkakalat ng kasinungalingan nina Badoy-Partosa at Celis kay Araullo at kanyang pamilya sa pamamagitan ng kanilang programa sa telebisyon ng SMNI at social media.

Sa kasong isinampa ni Araullo, sinabi nitong lumabag ang dalawa sa pangangalaga sa karapatan ng mga indibidwal, sa usapin ng relasyon sa kapwa tao at dignidad na humantong sa seryosong kasiraan at pinsala sa kanyang reputasyon, kapayapaan sa isip at personal na relasyon. Pinagbabayad ni Araulo ng ₱2 milyon ang dalawa bilang danyos sa pinsalang idinulot sa kanya.

“Walang basehan ang kanilang mga paratang. Malinaw na layunin nila ang takutin, siraan, at udyukin ang galit ng publiko laban sa akin at sa aking pamilya sa pamamagitan ng paghahasik ng intriga,” pahayag ni Araullo.

Aniya, nakikita niya ang mga pag-atake at Red-tagging bilang bahagi ng mas malawak na panggigipit at panunipil sa malayang pamamahayag. “Noong una, pinili kong ipagkibit-balikat ang mga paratang lalo’t walang katuturan ang mga ito. Ngunit dahil delikado ang disinformation, lalo kung hahayaan lang, nagpasya akong manindigan,” dagdag pa ng mamamahayag.

Nagpabatid ng suporta ang National Union of Journalists of the Philippines (NUJP) sa pagsasampa ng kaso ng kapwa mamamahayag nilang si Araullo. Ayon sa grupo, “may idinudulot na seryosong panganib ang Red-tagging sa kaligtasan at seguridad ng mga hindi

makatarungang tinatakang ‘komunista-terorista’ at ‘propagandistang komunista,’ at mga katulad na katawagan.”

Anang grupo, ang mapanganib na gawang-kwentong ito ay ginagamit para bigyang katwiran ang pag-aresto, pagsasama ng gawa-gawang mga kaso, paniniktik at iba pang porma ng harasment laban sa mga tagapagtanggol ng karapatang-tao, kabilang ang mga mamamahayag.

Liban pa dito, isinalaysay din ng NUJP na ang ilan sa mga biktima ng Red-tagging ay nakararanas ng mental at emosyonal na stress dahil sa mga walang batayang akusasyon. Ang iba umano sa kanilang mga katrabaho ay napilitang lumipat ng tahanan na lubhang nakaapekto sa kanilang pamamahayag at mga komunidad na kanilang pinaglilingkuran.

Samantala, ipinabatid naman ni Araullo na hindi siya magsasampa ng kasong kriminal laban sa dalawa sa ngayon. Binigyang diin niya ang pagtutol sa kriminalisasyon ng kasong libel dahil nagagamit ito upang gipitin ang lehitimong media.

Noong Hulyo, nagsampa rin ng katulad na kasong sibil ang ina ni Araullo na si Carol Araullo, chair emeritus of Bagong Alyansang Makabayan (Bayan) laban kina Badoy-Partosa at Celis.

## Masang anakpawis, umalma sa walang awat na pagtaas ng presyo ng bigas at langis

Setyembre 13, 2023

Nagprotesta kahapon, Setyembre 12, ang mga manggagawa sa pangunguna ng Kilusang Mayo Uno laban sa nagtataasang presyo ng mga bilihin, laluna ng bigas. Binatikos nila ang kautusan ng estado para kontrolin ang presyo na anila’y pakitang-tao, at hindi tumutugon sa tunay na mga dahilan kung bakit sumisirit ang presyo ng bigas. Panawagan nila, itaas ang sahod ng mga manggagawa para makaagapay sila sa walang awat na pagtaas ng presyo ng mga bilihin.

Kahapon din ay itinaas ng mga kumpanya ng langis ang presyo ng diesel nang ₱0.40 kada litro, at gasolina at kerosin nang ₱0.20 kada litro. Ito na ang ikasampung linggo na itinaas ang presyo ng mga produktong langis mula Hulyo 11. Hanggang Setyembre 8, itinaas ng mga kumpanya ang presyo ng mga produktong ito kada Martes. Sa loob lamang ng panahong ito, tumaas ang diesel nang ₱14.80 kada litro, at ang gasolina nang ₱10 kada litro. Samantala, tumaas din nang hanggang ₱6.65 kada kilo ang LPG o ₱73.15 kada 11-kilong tangke ngayong Setyembre. Dagdag ito sa una nang itinaas na ₱50.05 kada tangke noong Agosto.

Lubos itong ikinadismaya ng mga manggagawa, at iba pang mga sektor, lalupa’t kakarampot, kung meron mang pagtaas sa kanilang mga sahod. Kinundena nila ang kawalang-aksyon ng estado para ibaba ang mga presyo at ang kulang na kulang nitong ayuda para sa masang anakpawis.

Ayon sa grupong Piston (Pagkakaisa ng mga Samahan ng Tsuper at Operator Nationwide,) hindi sapat ang inilaan ng Department of Budget Management na ₱3 bilyong fuel subsidy para

punan ang pagkalugi ng nasa 1.3 milyong mga drayber ng dyip at ibang pampublikong transportasyon. Ayon sa grupo, malayong di makasasapat ang “isang-bigayang” ayuda na ito,

Liban dito, magkaiba ang iniaalok na subsidyo sa mga tradisyunal na dyip sa tinaguriang mga “modernong bus.”

“Hindi rin sapat ang ₱6,500 na ayuda sa mga traditional PUJ at UVE. Kung pwede palang magbigay ng ₱10,000 sa mga modernized, bakit hindi na lang pagpantay-pantayin at gawing ₱10,000 na lang lahat?” tanong Mody Floranda, tagapangulo ng Piston.

Noong nakaraang linggo, binatikos rin ng grupo ng mangingisda ang walang awat na pagtaas ng presyo ng langis. Ayon sa Pamalakaya, nangahulugan ito ng dagdag gastos na ₱173 kada palaot. Ibig sabihin, kailangan ng isang mangigingisda na gumastos ng abereyds na ₱833 kada palaot, 26% mas malaki kaysa dating ₱660 kada palaot bago ang sunud-sunod na pagtaas na presyo ng langis.

Dahil dito, hindi lamang mas maiksi ang kanilang paglaot, mas madalas ding hindi na muna sila pumapalaot dahil sa laki ng kailangang kapital. Halos doble ang kailangan nilang gastusin kumpara sa abereyds na ₱300-₱500 kita nila kada palaot. Nasa 80% ng gastos sa pangingisda ay napupunta sa petrolyong ginagamit.

“Mula sa dating 6-8 oras na pagpalaot, ngayon nasa 4-5 oras na lamang dahil mabilis maubos ang

gasolina,” ayon kay Fernando Hicap, pambansang tagapangulo ng Pamalakaya. “Mas madalang na rin ang mga araw ng (aming) pagpalaot. Mula sa 5-6 araw, nakakapagpalaot na lamang kami nang 3-4 araw. Wala pa diyan ang iba pang gastos tulad ng maintenance ng mga bangka, gamit sa pangisda at pagkain.”

## Matandang magsasaka, pinatay ng militar sa Masbate

Setyembre 13, 2023

Kinundena ng Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid (PKM)-Masbate ang pagpatay ng mga armadong elemento ng estado sa 67-anyos na magsasakang si Naldo Canama sa Sityo Angkay, Barangay Tubog sa bayan ng Cawayan noong Setyembre 7. Lulan ng motorsiklo ang tatlong armadong elementong bumaril at pumatay kay Canama.

Si Canama ang ika-19 na biktima ng pampulitikang pamamaslang sa prubinsya sa ilalim ng rehimeng Marcos. Nanawagan ng hustisya ang PKM-Masbate at kaanak ng biktima matapos ang karumal-dumal na krimen.

“Nagkakamali ang [mga pwersa ng estado] kung iisiping magtatagumpay sila na ilugmok sa takot kaming mga masang Masbatenyo. Sa halip, lalo lamang nila kaming itinutulak sa sukdulan at dinadagdagan ang batayan para magrebolusyon at armadong lumaban,” giit ng PKM-Masbate.

Ang pamamaril at pagpatay ng mga sundalo sa mga sibilyan ay tahasang paglapastangan sa mga internasyunal na makataong batas, mga batas ng digma at iba pang internasyunal na deklarasyon na nagbibigay ng proteksyon sa mga sibilyan at di-kombatant saan man may armadong sigalot.

Ipinagbabawal sa ika-32 Artikulo ng Fourth Geneva Conventions ang anumang hakbang na magreresulta sa pagdurusang pisikal o pagpuksa sa mga taong nasa ilalim ng proteksyon nito. Anito "…hindi lamang ito aplikable sa pagpatay, tortyur, pananakit, mutilation (pagputol sa anumang bahagi ng katawan) …kundi maging sa iba pang pamamaraan ng brutalidad, gawa man ng ahenteng sibilyan o militar."

Labag din ito sa Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL) na pinirmahan ng Gubyerno ng Pilipinas at National Democratic Front of the Philippines.

Ngunit sa kabila nito, tiyak ang PKM-Masbate na may mananagot sa krimeng ito at sa napakarami pang ibang paglabag sa karapatang-tao sa prubinsya. Anang PKM, "panahon lang ang hinihintay…saanma'y bulnerable silang target ng mga taktikal na opensiba ng Bagong Hukbong Bayan."

## Mga estudyante ng UP Diliman, nagprotesta sa unang araw ng klase

Setyembre 13, 2023

Nagtipon nitong Martes, Setyembre 12, ang mga estudyante ng University of the Philippines (UP)-Diliman sa Palma Hall sa kampus nito sa Quezon City para magprotesta kasabay ng pagbubukas ng klase para sa bagong akademikong taon sa unibersidad. Iginiit ng mga estudyante ang kanilang demokratikong karapatan at tinutulan ang planong pagkaltas sa badyet sa UP at panukalang ibalik ang Mandatory ROTC.

Ipinanawagan din ng mga estudyante at organisasyon, sa pangunguna ng University Student Council, ang pagkakaroon ng sapat na espasyo para sa kanilang mga aktibidad. Kaugnay ng panawagan, pumirma ng nagkakaisang pahayag ang mga organisasyon.

Binatikos nila ang nagpapatuloy na atake ng mga pwersa ng estado sa mga lider-estudyante ng UP kabilang ang pagsasampa ng gawa-gawang mga kaso. Sa harap nito, ipinanawagan nila sa mga upisyal ng UP Diliman na manindigan laban sa mga pag-atakeng ito kabilang na ang panghihimasok ng pulis at militar sa kampus na tahasang banta sa kalayaang pang-akademiko sa pamantasan.

Dumalo din sa pagkilos ang mga manininda sa loob ng kampus at mga residente sa mga komunidad na nakapalibot sa UP. Ipinabatid ng mga manininda at residente ang kanilang mga hinaing sa mga upisyal ng UP Diliman kabilang na ang banta sa kanilang kabuhayan at demolisyon.

Inaasahan naman ng konseho ng mga mag-aaral na haharapin sila ni UP Diliman Chancellor

Edgardo Vistan sa isang dayalogo sa Huwebes para talakayin ang mga isyu ng mga estudyante at komunidad ng UP.

## Oplan Pinta, tugon ng kabataan sa militarisasyon sa Sorsogon

Setyembre 14, 2023

Para ipakita ang nag-aalburutong galit ng mamamayan sa patuloy na pasistang mga pag-abuso ng 31st IB sa mga barangay ng Donsol, Sorsogon, naglunsad ang mga kabataan ng “oplan pinta” sa kahabaan ng mga kalsada tungo sa sentro ng Donsol.

“31st IB, layas! Mamamatay-tao!” “AFP Terorista!” “Oust Marcos Jr!” ang ilan sa matatapang na salitang ipininta ng mga kabataan. Pagbibigay-boses ito sa mamamayan ng Donsol na tumatakwil sa operasyong panghahalihaw ng mga pasistang tropa ng militar sa kanilang bayan.

Ayon sa kabataan, tugon nila ito sa pangpapaulan ng bala ng dalawang elemento ng 31st IB noong ika-4 ng Agosto sa bahay ni Kapitan Erwin Vista ng Barangay Alin na siya ring presidente ng Association of Barangay Captains (ABC). Matatandaang naglunsad ng operasyon RCSP ang mga sundalo sa naturang barangay noong buwan ng Agosto.

Maliban sa mga operasyong kombat sa bayan ng Donsol, naglulunsad rin ng RCSP sa Barangay Migabod at Barangay Catamlangan sa bayan ng Pilar. (Radyo Bulusan)

## Pagbisita ng mga upisyal ng US sa 3 EDCA site, binatikos

Setyembre 14, 2023

Binatikos ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) ang pagbisita kahapon, Setyembre 3, ng matataas na upisyal ng US sa ginagawang tatlong base militar ng US, mga tinawag na Enhanced Defense Cooperation Agreement (EDCA) site. Ang pagbisita ay bahagi ng nakatakdang pagpupulong ng mga upisyal militar ng Armed Forces of the Philippines (AFP) at US ngayong araw para sa Mutual Defense Board-Security Engagement Board (MDB-SEB).

"Ang pagbisita na ito ng mga upisyal ng US sa mga lugar na pagtatayuan nito ng mga base militar ay bahagi ng patuloy na pagtulak ng US ng papalaking presensyang militar nito sa Pilipinas," ani Marco Valbuena, pinunong upisyal sa impormasyon ng PKP.

Binista nina AFP Chief of Staff General Romeo S. Brawner Jr, kasama si US Ambassador MaryKay Carlson, at kumander ng United States Indo-Pacific Command Admiral John C. Aquilino kahapon ang Lal-lo Airport at Naval Base Camilo Osias sa Sta. Ana, Cagayan at ang Basa Air Base sa Pampanga. Bibisitahin nila ang anim na iba pang base militar ng US sa bansa sa susunod na mga araw.

Matatandaan noong unang linggo ng Agosto, nagpunta si Defense Sec. Gilbert Teodoro at AFP Chief Brawner sa Lal-lo, Cagayan, para madaliin

ang “upgrade” ng sibilyang paliparan para sa refuelling ng mga eroplanong pandgima ng US dito.

“Kasuklam-suklam kung papaanong pinagmamadali ng US ang mga upisyal ng gubyerno ni Marcos sa pagtatayo ng mga base militar na ito para sa US gamit ang pondo ng mamamayang Pilipino,” ani Valbuena. “Pero ang mas lalong nakasusuklam ay kung papaanong hilong-talilong ang mga utusang upisyal sa sunud-sunurang gubyerno ni Marcos na sumunod sa kanilang amo.”

Naiulat noong Agosto ang pagbwelo ng konstruksyon at upgrade ng paliparan at iba pang pasilidad pangmilitar sa Balabac Island sa Palawan mula pa Marso 2023. Bagamat pasilidad na pangunahing gagamitin ng US, ang ₱174.62 milyong pondong ginagamit para sa Balabac Military Runway ay mula sa Department of Public Works and Highways (DPWH) sa ilalim ng programang TIKAS (Tatag Imprastaktura para sa Kapayapaan at Seguridad) Convergence Program nito.

Pinondohan din ng TIKAS Convergence Program ang iba pang mga pasilidad militar na gagamitin ng US sa Mactan-Benito Ebuen Air Base sa Cebu at mga hangar at samutsaring gusali at pasilidad sa Fort Magsaysay sa Nueva Ecija na isa ring “EDCA site.”

Alinsunod sa mga probisyon ng EDCA, ang mga pasilidad na ito ay papailalim sa ekstra-teritoryal na kontrol ng US, kung saan maaari lamang

pumasok o inspeksyunin ng mga Pilipino kung may “pagsang-ayon” ang nauna.

Kahapon, inikot ng mga upisyal militar ng US at Pilipinas ang natapos nang mga proyekto at imprastruktura sa Basa Air Base para alamin kung anu-ano pang mga pasilidad militar ang itatayo at kinakailangan nila sa naturang base.

Isasagawa naman ngayong araw ang pagpupulong ng MDB-SEB sa Camp Aguinaldo sa Quezon City. Ayon kay Valbuena, magiging okasyon ang MDB-SEB para idikta sa Pilipinas ang magiging direksyon ng tinaguriang “AFP modernization” at itakda kung ano ang mga sandatang bibilhin sa US. Pagpapatibay ito ng hindi patas na ugnayang militar ng bansa at US sa ilalim ng Mutual Defense Treay, Bilateral Defense Guidelines at iba pang kasunduan.

## Hindi mareremedyuhan ang kainutilan ng SIM Card Registration Law—mga grupo

Setyembre 15, 2023

Hindi mareresolba ng samutsaring mungkahi ng mga mambabatas ang kapalpakan ng SIM Registration Law sa paggupo ng mga text scam at cybercrime o mga krimen gamit ang internet. Ito ang pahayag ng Junk SIM Registration Network sa nagaganap na pagdinig sa Senado sa nakaraang mga linggo kaugnay sa epektibidad ng naturang batas.

Lumabas sa serye ng mga pagdinig na ito na patuloy ang paglaganap ng mga text scam sa kabila nang dalawang buwan na ang nakalilipas matapos ang “dedlayn” ng pwersahang pagpaparehistro ng lahat ng SIM Card. Mula Enero hanggang Agosto ngayong taon, nakapagtala ang Anti-Cybercrime Group ng PNP ng 16,297 kaso ng mga cybercrime.

Lumabas din ang mga balita ng paglipana ng ibinebentang mga “pre-registered” na SIM Card at ang paggamit ng mga ito sa iba’t ibang scam. Sa isa sa mga pagdinig, iniulat mismo ng mga ahensya ng estado at kumpanyang telekomunikasyon na nakapagparehistro sila ng SIM Card gamit ang larawan ng isang unggoy, gayundin ang pangalan at larawan ng isang cartoon character. Dahil dito, nagmungkahi mismo ang isa sa mga ahensyang inimbita sa pagdinig na isuspinde ang online SIM Card Registration.

“Noon pang nakaraang taon ipinahayag ng Junk SIM Registration Network ang kawalang-epektibidad ng SIM registration,” ayon sa grupo. Anito, ang paglitaw ng black market ng pre-registered na mga SIM, ang paggamit ng mga text blaster, at kaluwagan sa proseso ng pagpaparehistro gamit ang larawan ng mga di-tao para sa beripikasyon—ay dati nang tinukoy ng mga digital advocates, ang mga ito ay nangyari na sa ibang bansa.

“Hindi kayang ‘ayusin’ ang SIM Registration Law nang walang seryosong implikasyon sa karapatan sa pribasiya at komunikasyon,” anito. Kabilang sa

mga naimungkahi nang remedyo ay ang paggamit ng abanteng facial recognition o pagkilala sa mukha at paglikom ng dagdag pang mga pribadong datos.

“Malawakang sarbeylans at profiling ang katumbas ng mga mungkahing ito,” ayon sa grupo.

Naimungkahi rin ang pwersahang pagpaparehistro ng mga online apps tulad ng Viber, Telegram at Whatsapp, na labag sa karapatan sa anonymity ng mga gumagamit ng mga ito. Hindi rin dapat ilimita ang bilang ng mga SIM na maaaring irehistro ng isang indibidwal dahil maraming pamilya at negosyo nangangailangan ng higit sa isang numero ang maapektuhan, at lalupang mapagkakaitan ng serbisyong telekomunikasyon.

“Naninindigan kami sa panawagang ibasura ang inutil at pasistang SIM registration Law,” pahayag ng grupo. “Dapat resolbahin ng gubyerno ang laganap na text scam hindi sa pwersahang pagpaparehistro ng mga SIM Card, kundi sa pamamagitan ng pampublikong edukasyon kung paano iwasan ang mga scam at iba pang porma ng social engineering,” anito.

“Ang higit pang makabubuti ay kung resolbahin ng gubyenro ang laganap na kahirapan, tumataas na presyo ng mga batayang bilihin, at mababang sahod na dahilan kung bakit nagiging bulnerable ang mamamayan sa mga iskemang nangangako ng biglang pagyaman.”

## Kaso kontra Ressa, ibinasura; estudyanteng mamamahayag sa Bicol, ginigipit

Setyembre 15, 2023

Ibinasura ng korte ang panlima at huling kaso ng tax evasion (di pagbabayad ng buwis) laban kay Maria Ressa at kumpanyang Rappler na isinampa noong panahon ng rehimeng Duterte. Samantala, inilantad ng mga estudyanteng mamamahayag sa Ateneo de Naga ang panggigipit sa kanila ng mga sundalo.

Binati ng National Union of Journalists of the Philippines (NUJP) ang pagwawalangsala kay Ressa at Rappler. Anito, ang pagbabasura sa kaso ay patunay na ang mga ito ay politically-motivated o bahagi ng pampulitikang panggigipit at isinampa para gipitin at patahimikin si Ressa at ang Rappler.

Ang nabanggit na kaso laban kay Ressa ay bahagi ng pampulitikang panggigipit sa kanya at sa Rappler dahil sa pagbabalita ng huli kaugnay sa madugong "gera kontra-droga" ng noo'y presidente na si Rodrigo Duterte.

"Habang hinaharap din ng iba naming kasama ang mga kasong may kaugnayan sa trabaho bilang mamamahayag, ang pinakahuling ligal na tagumpay na ito ay nagpapaalala na dapat tayong patuloy na lumaban," pahayag ng grupo.

Kabilang sa mga mamamahayag na ito si Frenchie Mae Cumpio ng Eastern Vista na patuloy na

nakakulong sa gawa-gawang kaso ng “terrorist financing.”

Samantala, iniulat ng mga mamamahayag sa kampus sa Naga City ang panggigipit ng mga sundalo sa mga editor at manunulat ng The Pillars, pahayagang pang-estudyante ng Ateneo de Naga University. Sa isang pahayag noong Setyembre 12, isiniwalat nito na tatlong beses na isinagawa ng ilang sundalo ang pagsarbeylans, red-tagging at interogasyon sa isa nitong dating kasapi. Naganap ang “pagbisita” at pagtatanong sa kanya noong Hulyo, Agosto at Setyembre 3. Sa pagkakataong ito, idinawit na rin ng mga sundalo ang tatlong estudyanteng kasalukuyang humahawak sa publikasyon.

“Sinasabi ng mga sundalo na ang layunin nila ay para ‘pangaralan’ kami,” pahayag ng mga mamamahayag ng The Pillar. “Pero malinaw pa sa araw na ang kanilang tanging misyon ay para i-brainwash at pagbantaan ang kabataan dahil sa pagiging kritikal ng mga ito sa administrasyon (ni Marcos).” Kinundena nila ang paglabag ng mga sundalo sa kanilang pribasiya at panggigipit sa pamamagitan ng sarbeylans at red-tagging.

## Matandang magsasaka, isa pa, di makatarungang inaresto ng PNP sa Negros Occidental

Setyembre 16, 2023

Inaresto ng mga pulis at sundalo ang mga magsasakang sina Judy Blazer, 61, at Junjie Camanso, 30, sa Sityo Mainit, Barangay Santol,

Binalbagan, Negros Occidental noong Setyembre 10. Sinampahan sila ng gawa-gawang kaso ng pagpatay at tangkang pagpatay at pinaratangang may kaugnayan sa Bagong Hukbong Bayan (BHB).

Ang totoo, si Blazer ay dating kasapi ng panatikong paramilitar na grupong Greenan sa kanilang komunidad simula pa noong dekada 1990. Ang kanilang grupo ay sinuportahan at pinondohan ng Armed Forces of the Philippines (AFP) para manguna sa mga anti-mamamayang aktibidad at paga-atake sa mga sibilyang komunidad na inaakusahang may kaugnayan sa armadong rebolusyonaryong kilusan. Sinaklaw ng operasyon ng grupong ito ang mga bayan ng Binalbagan at Isabela sa Negros Ocidental, at Jimalalud at La Libertad sa Negros Oriental.

Pinag-initan ng AFP si Blazer matapos siyang kumalas sa Greenan dahil sa hindi na niya maatim ang anti-mamamayang mga aktibidad ng grupo. Nahikayat din ni Blazer ang iba pang mga kasapi ng paramilitar na kumalas sa grupo kung kaya't naging target siya ng panggigipit ng mga pwersa ng estado.

Labis ang galit ng mga kaanak at mga kabaryo sa ginawang pag-aresto kay Blazer. Anila, halos hindi na makakita at makapaglakad ang 61-anyos na matanda. Malinaw na desperasyon ang malisyosong pag-ugnay sa kanya sa hukbong bayan.

Ang pagg-aresto ay isinagawa ng pinagsanib na pwersa ng 62nd IB, 2nd PNP-SAF, 300th Air Intelligence Wing, Philippine Air Force at Regional

Intelligence Unit 6 sa ilalim ng Joint Enhanced Military and Police Operation (JEMPO).

Sa tala ng Ang Bayan, higit 35 na ang biktima ng mga pag-aresto at detensyon sa Negros Occidental sa ilalim ng rehimeng Marcos.

## Mga mag-aaral ng Ateneo sa iba't ibang kampus, nanindigan laban sa mandatory ROTC

Setyembre 16, 2023

Magkasunod na protesta ang inilunsad ng mga estudyante ng Ateneo de Zamboanga University (AdZU) at Ateneo de Davao University (AdDU) kahapon at ngayong araw bilang paninindigan laban sa pagpapatupad ng Mandatory Reserve Officers' Training Corps (ROTC) sa bansa. Inilunsad ito kaugnay ng nalalapit na pinal na pagdinig ng panukalang Mandatory ROTC sa Senado sa Setyembre 20.

Sa Davao City, nagtipon sa isang programa at nagtirik ng mga kandila ang mga mag-aaral ng AdDU sa Roxas Avenue, AdDU Jacinto Campus ngayong hapon. Pinangunahan ang aktibidad ng Samahan ng Mga Mag-Aaral ng Pamantasang Ateneo de Davao.

Kahapon sa Zamboanga City, nagsagawa naman ng porum ang mga estudyante ng AdZU at nagmartsa sa loob ng kampus matapos nito. Bilang pagtatapos ng kanilang programa, nagtirik din sila ng mga kandila. Pinangunahan ang aktibidad ng El Consejo Atenista-AdZU.

Naglunsad naman ng mga konsultasyon at kampanyang impormasyon ang mga konseho ng mag-aaral sa Ateneo de Naga University at Xavier University-Ateneo de Cagayan.

Naglabas din ng nagkakaisang pahayag laban sa mandatory ROTC ang Buklod Atenista, alyansa ng lahat ng mga konseho ng mag-aaral sa mga institusyong pang-edukasyon ng mga Jesuit sa Pilipinas.

“Naninindigan ang Buklod Atenista laban sa muling pagpapanumbalik ng programang Mandatory ROTC dahil kinikilala nito ang higit na pabigat na ipapataw nito at pagsasaligal ng kultura ng pang-aabuso sa panahon ng litaw na krisis sa edukasyon sa Pilipinas,” ayon sa pahayag ng alyansa.

Giit nila, bilang isang Ateneo, sila ay naninidigan at ipagpapatuloy ang laban na ginagabayan ng hustisyang panlipunan. “Sinusuportahan namin ang laban kontra sa pagpapanumbalik ng programang ROTC na inilulunsad ng masang Pilipino sa diwa ng tunay na nasyunalismo at pagtataguyod ng batayang karapatang-tao,” dagdag pa nito.

Nanawagan sila sa Kongreso na dinggin ang panawagan ng mga estudyante at huwag isabatas ang naturang panukala.

## Mga manggagawa sa 3 malaking kumpanya ng sasakyan sa US, nagwelga

Setyembre 16, 2023

Ikinasa ng mga manggagawa sa tatlong malaking kumpanya ng sasakya sa US ang kanilang welga noong Hwebes, Setyembre 14, bilang tugon sa tumatagal at posibilidad ng hindi pagkakasundo sa negosasyon para sa bagong collective bargaining agreement (CBA).

Nagwalk-out sa kanilang mga trabaho ang 13,000 manggagagawa ng General Motors, Ford at Stellantis (tinawag na Big 3) sa mga planta nito sa Michigan, Ohio, at Missouri bilang hudyat ng tinatawag nilang "stand up strike." Itinuturing na "parsyal" sa ngayon ang welga, na unti-unting sasaklaw sa lahat ng 146,000 manggagagawa na nakapailalim sa unyong United Auto Workers depende sa takbo ng negosasyon para sa bagong CBA. Bumoto ang 97% ng mga manggagawa para ikasa ang welga noong nakaraang buwan.

"Binibigyan ng Stand Up Strike ang aming unyon ng kakayahan na paabutin sa buong bansa, at todong pagtigil sa trabaho ang welga kung kinakailangan," paliwanag ng UAW. Tinitiyak nito na magpapatuloy ang mga negosasyon, at mananatili sa mga manggagawa ang opsyon para palawakin at patindihin pa ang welga kung magmamatigas ang Big 3 na tugunan ang kanilang makatarungang mga hinaing.

Kabilang sa iginigiit ng mga manggagawa ang dagdag-sahod, katiyakan sa trabaho, balanase sa trabaho-at-buhay (work-life balance), mas mahusay na retirement pay at pagbasura sa sistema ng mga andana ng sahod sa hanay ng mga manggagawa.

Ipinaglalaban din nilang ibalik bilang aytem sa CBA ang cost-of-living allowance o COLA, na unang ipinagtagumpay ng kanilang unyon noong dekada 1940 hanggang naging regular na aytem sa pakikipagtawaran sa iba pang mga unyon. Ayon sa unyon, noong 1976, 61% na ng mga unyonista sa buong US ay tumatamasa ng COLA. Pero dulot ng pambabarat ng mga kumpanya, bumagsak ang tumatamasa ng benepisyong ito sa 22% noong 1995. Sa Big 3 mismo, tinanggal ang probisyon para sa COLA noong 2009 nang tinamaan ng matinding resesyon ang industriya ng mga sasakyan. Hindi na ito ibinalik hanggang ngayon.

Pinansin ng mga manggagawa na habang tumatanggi ang mga kumpanya na itaas ang kanilang mga sahod, “nalulunod” naman sa bagong yaman ang pinakamatataas na upisyal ng Big 3. Noong 2022, sumahod ang chief executive officer (CEO) ng General Motors na si Mary Barra ng $29 milyon at ang CEO ng Stellantis nas si Carlo Tavares ng $23.5 milyon. Samantala, sumahod ang CEO ng Ford na si Jim Farley ng $55 milyon sa pagitan ng 2020 at 2022. Kung ikukumpara ang kanilang mga sahod sa ordinaryong manggagawa, mas malaki nang 365 beses ang sahod ni Tavares, 281 beses ang sahod

ni Farley at 362 beses na mas malaki ang sahod ni Barra.

Samantala, wala pang 12% ang itinaas ng sahod ng ordinaryong mga manggagawa sa tatlong kumpanya mula 2007. Kung i-adjust ang kanilang sahod sa implasyon, mas mababa nang $9 ang tinatanggap nilang arawang sahod kumpara sa sahod nila noong 2008 o 15 taon sa nakaraan.

## Mga manggagawa sa Central Visayas, umalma sa huling-huli at napakaliit na dagdag-sahod

Setyembre 16, 2023

Dismayado ang mga manggagawa sa Central Visayas sa huling-huli at napakaliit na ₱33 dagdag-sahod sa rehiyon na ibibigay simula Oktubre. Ayon sa Alyansa sa mga Mamumuo sa Sugbo-Kilusang Mayo Uno (AMA Sugbo-KMU), malayo ang dagdag-sahod sa ₱100-₱292 na ipinetisyon ng mga samahang manggagawa, at sa ₱1,236 nakabubuhay na sahod na kinakailangan sa rehiyon.

Mula sa kasalukuyang ₱382-₱435, makatatanggap ng ₱415-₱468 ang mga manggagawa sa rehiyon. “Liban sa huling-huli na, hindi ito mapagkakasya sa napakataas na presyo ng pangunahing mga bilhin,” ayon kay AMA Sugbo-KMU chairperson Jaime Paglinawan.

Sa mismong datos ng National Wages and Productivity Commission, ang tunay na halaga ng ₱435 sahod ng manggagawa sa rehiyon ay nasa

₱375 lamang dulot ng nagtataasang presyo ng mga bilihin.

Giit ng AMA Sugbo-KMU, binalewala ng mga ahensya ng gubyerno ang hinaing ng mga manggagawa at sa halip ay pinaboran ang mga kapitalista na bigyan lamang ng “mumo” ang mga manggagawa.

Dagdag pa nila, walang silbi ang mga pampublikong pagdinig na isinagawa ng Regional Tripartite Wages and Productivity Board-7 (RTWPB-7) dahil hindi naman nakinig ang mga ahensya sa argumentong inihapag ng mga manggagawa.

“Mayroong kakayahan ang mga negosyante na bigyan ang mga manggagawa ng hanggang ₱170 dagdag sahod batay sa kompyutasyon ng IBON Foundation gamit ang datos ng Philippine Statistics Authority at Annual Survey of Philippine Business and Industries 2020,” ayon kay Paglinawan.

Taliwas din umano ang kakarampot na dagdag sahod sa tumaas na Gross Regional Domestic Product ng Central Visayas na ayon mismo sa datos ng gubyerno ay ₱1.135 trilyon noong 2020, ₱1.196 trilyon noong 2021, at ₱1.287 trilyon noong 2022. “Kung walang manggagawa, hindi malilikha ang produkto at super ganansya na nasa kamay lang ng kapitalista,” ayon kay Paglinawan.

Tinatayang nasa ₱83-₱93.6 lamang kada araw ang badyet ng bawat isang myembro ng 5-myembrong pamilya sa magiging minimum na ₱415-₱468 na

sahod kada araw sa rehiyon. Hindi pa nakakalatas dito ang mga sapilitang singilin tulad ng SSS, Philhealth at Pag-ibig at maging ang bayarin sa transportasyon, kuryente at tubig, renta sa bahay at mga bayarin sa eskwela ng mga anak.

Sa harap ng mababang sahod, hinamon ni Paglinawan ang mga manggagawang regular at kontraktwal, mga unyonisado at hindi, na magkaisa at palakasin ang tinig ng mga manggagawa. "Kailangan ang pagkakaisa ng mga manggagawa para igiit sa administrasyong Marcos ang pambansang minimum na sahod na nakabatay sa family living wage," pagtatapos ni Paglinawan.

## Pagpatay sa abugada sa Abra, kinundena ng mga kapwa abugado, iba pang grupo

Setyembre 16, 2023

Nagsagawa ng pagkilos noong Setyembre 14, ang mga kasapi ng National Union of People's Lawyers (NUPL), kasama ang iba pang demokratikong grupo, sa Boy Scout Rotonda, Quezon City para kundenahin ang brutal na pagpaslang sa abugadong si Atty. Maria Saniata Alzate. Binaril sa harap ng kanyang bahay sa Bangued, Abra noong Setyembre 14 si Alzate, isa sa mga abugado na nagbibigay ng libreng ligal na serbisyo para sa mahihirap na may kaso. Pangatlo na siyang abugado na pinatay sa ilalim ng rehimeng Marcos.

Ang pagkilos ay kasabay ng paggunita ng NUPL sa ika-16 na anibersaryo ng pagkakatatag nito.

Nagkaroon ng parehong aktibidad sa Baguio City at Iloilo City.

“Ikinalulungkot ng NUPL na ang ika-16 anibersaryo ng pagkakatatag nito ay sinalubong ng pagpatay ng isa naming kasamahan sa propesyong ligal,” pahayag ng grupo. “Nagiging posible ang harap-harapan… na pagpaslang sa mga myembro ng propesyong ligal, kabilang ang mga husgado at prosekyutor dulot ng laganap na climate of impunity.”

Inalala ng grupo ang parehong sirkunstansya kung saan pinatay ang dalawa sa kanilang myembro na sina Atty. Juan Macababbad at Atty. Ben Ramos. Ayon sa grupo, pinili ng tatlo ang landas para magsilbi sa mahihirap, na alinsunod sa kanilang mga sinapit, ay nagtataglay ng pinakamalalaking panganib. “Ito rin ang landas kung saan pinakakailangan ang mga abugado.”

“Si Alzate ang pinakahuling biktima sa serye ng mga pag-atake laban sa mga abugado at husgado sa nakaraang mga taon,” pahayag ng grupong Karapatan. Mula 2016, umaabot na sa 61 abugado, husgado at prosekyutor ang pinatay at 67 ang marahas na inatake mula Hulyo 2016 hanggang Pebrero 2020, kung saan 55 ang namatay. Sa kabila nito, iilan lamang sa mga salarin ang sinampahan ng kaso.

Kinilala si Alzate bilang abugado ng isang kliyenteng nagsampa ng petisyon para sa writ of amparo. Ang kliyenteng ito ay dinukot, tinortyur at iligal na dinetine ng mga pulis sa Bangued, Abra ngayong taon. Iginawad ng korte ang

petisyon at ipinailalim ang anim sa walong pulis na sangkot sa kaso. Kasalukuyan din siyang nag-aabugado sa kaso ng pagpatay ng isang guro na isinampa laban sa isang kapitan ng barangay.

Kinilala ng Integrated Bar of the Philippines (IBP) ang "katapangan" ni Alzate sa kasong ito, kung saan pinuri ang kanyang mga pagsisikap para mag-abugado para sa pampublikong interes sa kabila ng mga banta nito sa kanya. Nagsilbing presidente si Alzate ng IBP-Abra sa isang panahon.

Nakiramay naman si dating Bise Presidente Leni Robredo sa kanyang pamilya, at nananawagan para sa hustisya. Isa si Alzate sa mga aktibong kampayyador ni Robredo sa prubinsya noong 2022.

"Ang pagpatay kay Atty. Alzate ay palatandaan rin ng patuloy na pang-aatake sa sistemang hudisyal na dapat sana'y benyu para bigyan ng hustisya ang mga biktima ng paglabag sa karapatang-tao,' pahayag ng grupong Gabriela. "Sa walang kaabog-abog na pagpaslang sa mga abugadong maka-masa tulad ni Atty. Alzate, lalong nagiging mailap ang hustisya para sa kababaihan at mamamayang Pilipino, laluna ang mga biniktima ng mga pwersa ng estado."

## "Insulto" ang 15-taong pagkakakulong sa pumatay kay Jullebee Ranara

Setyembre 18, 2023

Habang binati ng grupong Migrante ang mabilis na paglilitis sa gumahasa, pumatay at nagsunog sa bangkay ng kasambahay na si Jullebee Ranara sa Kuwait, dismayado ito sa hatol na 15-taong pagkakakulong ng salarin.

“Naniniwala kami na insulto sa pamilya ni Jullebee, mga migrante at lahat ng mga Pilipino na naghahangad ng hustisya ang hatol na 15-taong pagkakakulong,” pahayag ng grupo noong Setyembre 16. Nabalita na nahatulan na si Turki Ayed Al-Azmi, ang 17-anyos na anak ng amo ni Ranara, sa kasong pagpatay. Ginahasa at pinatay niya si Ranara noong Pebrero bago sinunog at itinapon ang bangkay ng 35-anyos na kasambahay sa disyerto.

“Ipinapakita ng 15-taong sentensya sa pumatay kay Jullebee kung gaano kababa ang pagpapahalaga sa buhay ng mga migrante,” ayon sa grupo. Nanawagan ito sa gubyerno ng Pilipinas na igiit ang mas mahabang sentensya para sa pumatay at para bigyan ng kumpensasyon ang pamilya ni Ranara. Tinutulak din nila ang gubyerno ang pagresolba sa apat pang kaso ng pagpaslang ng mga kasambahay na Pilipino sa Kuwait sa nakaraang limang taon.

Kasabay nito, iginiit ng grupo na dapat maging mas maging alerto ang embahada ng Pilipinas sa Kuwait sa mga hinaing at saklolo ng mga migrante sa bansa, itulak ang mga hakbang para sa maayos na mga kundisyon sa paggawa at tutulan ang sistemang kafala na nagbibigay ng absolutong kontrol ng employer sa mga migrante.

Higit sa lahat, dapat seryosyong pagtuunan ng pansin ng reaksyunaryong estado ang paglikha ng mga disenteng trabaho sa loob ng Pilipinas para di mapilitan ang mga Pilipino na mangibang-bansa para sa trabaho.

“Hindi dapat umaasa ang gubyerno ng Pilipinas sa mga dayuhang mamumuhunan at ibang bansa para magbigay ng trabaho sa mga Pilipino,” anito. “Dapat pag-aralan ng gubyerno ang mga aral sa ating mga karatig-bansa na nagpatupad ng reporma sa lupa, at mga patakaran sa agrikultura at industriya na lumikha ng disenteng mga trabaho sa loob ng kani-kanilang bansa.”

## Magsasakang dinukot sa Sipalay City, natagpuang patay; isa pa, nawawala

Setyembre 18, 2023

Dinukot ng hinihinalang mga pwersa ng estado ang organisador ng magsasaka na si Bea Lopez, at ang magsasaka at drayber ng traysikel na si Peter Agrabante noong Setyembre 15 sa Sipalay City, Negros Occidental. Sa ulat ng lokal na radyo, natagpuan ang bangkay ni Agrabante sa Satori Cliff sa Barangay Nagbo-alao, Basay, Negros Oriental noong umaga ng Setyembre 16.

Ayon sa mga saksi, bumibyahe ang dalawa sakay ng isang traysikel papuntang Barangay Gil Montilla, Sipalay City nang hinarang at sapilitan silang isinakay sa isang puting van. Ang mga dumukot sa kanila ay nakasuot ng maskara at armado. Isinakay naman sa isang pick-up truck ang sinakyang traysikel ng mga biktima.

Ang bangkay ni Agrabante ay natagpuang nakatali ang mga kamay at paa gamit ang duct tape. Binusalan din ang biktima gamit ang duct tape. Sa paunang ulat ng pulis, mayroong tama ng bala sa ulo ang kanyang bangkay.

Naiulat din na napansin ng mga residente sa lugar na isang puting pick-up truck ang huminto dito bandang alas-12 ng madaling araw noong Setyembre 16 kung saan mistulang may iniwan sa gilid ng daan. Pagsapit ng umaga, nakita na lamang nila ang bangkay ni Agrabante.

Samantala, ang 26-anyos na si Lopez, na residente ng Sityo Langud sa Barangay Camalandaan, Cauayan, Negros Occidental, ay hindi pa rin natatagpuan hanggang sa kasalukuyan.

## 8 sundalo ng 17th IB, napatay sa engkwentro sa BHB-West Cagayan

Setyembre 20, 2023

Iniulat kahapon ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-West Cagayan na napatay sa isang armadong aksyon nito ang walong sundalo ng 17th IB noong Hulyo 27 sa Barangay Sicalao, Lasam, Cagayan. Sa panahong iyon, nag-ooperasyon ang dalawang batalyon ng 5th IB sa mga bayan ng Lasam, Sto. Nino at Rizal sa nabanggit na prubinsya.

Mismong mga residente ang nakakita sa bilang ng kaswalti sa hanay ng 17th IB nang inilabas ang mga bangkay sa sentro ng barangay. Anila, bukod sa mga napaslang, marami rin sa mga sundalo ang

nasugatan. Hindi inamin ng 17th IB ang kanilang pinsala.

Ayon sa BHB-West Cagayan, ligtas na nakaatras ang yunit ng BHB na nakasagupa ng 17th IB. Mabilis na naagaw ng mga Pulang mandirigma ang inisyatiba at nakapagmaniobra para patamaan ang naka-engkwentrong mga sundalo. Malaking tulong sa mga mandirigma ang suportang masa at kaalaman sa tereyn sa pagmaniobra palayo sa lugar ng engkwentro.

Imbwelto ang nakasagupang yunit ng militar sa sadyang pagpaslang kina Saturnino "Ka Peping" Agunoy at ang dalawa medik na sina Augusto "Ka Val" Gayagas at Mark "Ka Uno" Canta noong Abril 14, 2022 sa Piat, Cagayan. Pawang mga di-armado at wala sa katayuang lumaban ang tatlong biktima, at kapwa senior citizen sina Ka Peping at Ka Val.

## Barangay sa Iloilo, 2 oras na kinanyon ng 301st IBde

Setyembre 20, 2023

Labing-isang bala ng kanyon ang pinakawalan ng 301st IBde sa loob ng dalawang oras na kampanyang pambobomba nito sa Barangay Cabatangan, Lambunao, Iloilo alas-7 ng umaga noong Setyembre 15. Bumagsak ang mga bala ng howitzer nang 100 metro ang layo mula sa kabahayan ng mga residente.

Dulot ng panganganyon, napilitang tumigil ang mga residente sa kanilang nakasanayang mga

aktibidad. Hindi na nila nabalikan at naalagaan ang kanilang mga alagang hayop na nasa mga pastulan, natigil ang pag-aani ng palay at pagtitipon ng produktong abaka, saging at kape. Hindi na rin sila nakapangaso at nakapangalap ng iba pang pangangailangan.

Labis na apektado rin ang mga paaralan sa elementarya sa putok ng kanyon. Sa ulat mula sa erya, may mga magulang na hindi na pinayagang pumasok sa klase ang kanilang mga anak dahil dito.

Liban sa panganganyon, mahigit 200 tropa ng miltar ang patuloy na nanghahalughog at naghahasik ng takot sa mga komunidad ng katutubo at magsasaka mula pa Setyembre 3 sa mga bayan ng Calinog at Lambunao sa Iloilo. Ang malawakang militarisasyon na ito ay seryosong mga paglabag sa batas at alituntunin ng digma dahil sadya nitong isinasapanganib ang mga sibilyan.

## Maharlika Fund, muling kinwestyon sa Korte Suprema

Setyembre 20, 2023

Naghain ng petisyon sa Korte Suprema noong Lunes, Setyembre 18, ang Bayan Muna Partylist, kasama si Sen. Koko Pimentel III, para ipadeklarang labag sa konstitusyon ang Maharlika Investment Fund Act (RA 11954). Nagtungo sa korte ang dating mga kinatawan ng Bayan Muna na sina Atty. Neri Colmenares, Ferdinand Gaite at Carlos Zarate para hamunin ang batas na ipinasa

sa kabila ng kabi-kabilang batikos dito ng mga ekonomista, mambabatas at iba’t ibang sektoral na grupo.

Hinihingi ng mga petisyuner sa korte na kagyat na maglabas ng temporary restraining order (TRO o pansamantalang pagpigil) laban dito.

Ayon kay Atty. Colmenares, taliwas sa konstitusyong 1987 ang batas dahil una, hindi ito dumaan sa masusing pagsubok. Pangalawa, walang batayan ang pagratsada nito sa Kongreso bilang isang “urgent measure,” gayong hindi naman ito kagyat na kailangan. Sa gayon, nilabag nito ang itinatakda ng konstitusyon na proseso sa pagbubuo ng mga batas. Dati nang kinwestyon ang pagratsada sa batas sa Senado at Kongreso noong Mayo pero hindi ito kinatigan ng korte.

Ayon sa mga petisyuner, hindi rin dapat isinama sa pagbubuo ng MIF ang Bangko Sentral, na isang independyenteng institusyon.

“Sa panahong may mas kagyat na problema sa ekonomya tulad ng implasyon sa pagkain, mataas na disempleyo, hindi dapat isinusugal sa posibilidad na mawaldas ang mga pondong pampubliko,” ayon kay Colmenares. Paliwanag niya, hindi independyente sa Malacañang ang MIF kaya kayang-kaya itong gamitin ng presidente para sa korapsyon at kroniyismo.

## Mga empleyado ng DSWD, nagprotesta

Setyembre 20, 2023

Naglunsad ng pagkilos na binansagan nitong "Black Friday Protest" ang mga kawani at empleyado ng Department of Social Welfare and Development (DSWD) sa buong bansa sa pangunguna ng unyon na Social Welfare Employees Association of the Philippines (SWEAP) noong Setyembre 15. Protesta ito laban sa plano ng pamunuan ng DSWD na isentralisa ang maraming programa ng kagawaran.

Paliwanag ng unyon, posibleng magdulot ang programa ng pagkalusaw ng ilang DSWD Field Offices na may kaakibat na malawakang paglilipat ng mg kawani at tanggalan sa hanay ng mga kontraktwal na manggagawa sa pagtatapos ng taon.

Dismayado ang asosasyon sa pamunuan ng DSWD dahil walang konsultasyong naganap kaugnay ng naturang plano. Giit nito, paglabag sa Collective Negotiation Agreement (CNA) sa pagitan ng DSWD at unyon ang planong ito ng kagawaran.

"Ang kasalukuyang plano na maglipat ng makabuluhang bilang ng ating kapwa empleyado ay magdudulot ng tanggalan at paghihirap sa mga apektado ay pasilip lmang sa napakaraming isyu at usapin na kinakaharap natin bilang mga manggagawa ng DSWD," ayon sa grupo.

Giit ng SWEAP, mahalagang manindigan sila ngayon dahil sa mahabang panahon ay pinatatahimik at pinagwawatak-watak ang boses nila bilang mga ordinaryong empleyado ng DSWD. Dapat din umanong mabasag ang maling kalakaran simula noong panahon ng rehimeng

Duterte na kinakausap lamang sila ng maneydsment ng DSWD matapos ipatupad ang mga mapanirang programa at patakaran.

Sa harap nito, sinabi ng grupo na makatarungan lamang na kumilos sila dahil may karapatan ang mga manggagawa sa pribado at pampublikong sektor na maging organisado, kolektibong makipagnegosasyon, at maglunsad ng sama-samang pagkilos kabilang na ang pagwewelga. Kasali rin umano dito ang karapatan nilang makatanggap ng nakabubuhay na sahod, at katiyakan sa trabaho at makataong kalagayan sa paggawa.

Ipinabatid ng Courage (Confederation for Unity, Recognition and Advancement of Government Employees), pambansang unyon ng mga kawani ng gubyerno, ang suporta sa SWEAP. Anila, “saludo ang Courage sa Sweap sa pgtindig nito para ipagtanggol ang karapatan ng mga manggagawa ng DSWD at nagpapabot ng walang-humpay na pakikiisa sa kanilang pakikibaka para sa mas maunlad na paglilingkod sa mga manggagawa ng DSWD.”

## Mga neoliberalistang upisyal sa ekonomya, pinatatalsik

Setyembre 20, 2023

Nagsagawa ng motorcade noong Setyembre 18 ang anim na grupo sa agrikultura para igiit ang pagpapatalsik sa pwesto ni Sec. Benjamin Diokno ng Department of Finance, at ang pinuno ng

National Economic Development Authority na si Sec. Arsenio Balicasan.

Ito ay matapos mapabalita na itinutulak ng dalawa ang pagpapababa hanggang lubusang pagtatanggal ng taripa sa imported na bigas ngayong papasok na sa panahon ng anihan ng palay.

Naglunsad ng maiiksing programa ang mga grupo sa harap ng mga upisina ng mga protesta sa mga upisina ng Foundation for Economic Freedom, Office of the Philippine Tariff Commission, Federation Of Filipino Chinese Chambers Of Commerce & Industry at Department of Finance.

“Sentensyang kamatayan sa mga magsasaka at konsyumer ang pakana nina Diokno at Balisacan na bawasan ang kasalukuyang 35% taripa tungong 10% hanggang zero (wala) sa imported na bigas,” pahayag ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas sa araw na iyon.

Panawagan ng grupo, patalsikin si Diokno at Balisacan dahil kinakatawan nila ang neoliberal na interes ng malalaking komersyante at importer. Mariin din nilang binatikos ang napapabalitang planong itatalaga bilang kalihim ng Department of Agriculture si Balisacan.

“Tanging mga importer ng bigas at malalaking komersyante ang makikinabang sa pagpapababa o pagtatanggal ng taripa sa bigas,” pahayag ng grupong Amihan.

“Pagpapakita ito ng pagiging sunud-sunuran ng DOF sa dikta ng WTO (World Trade Organization)

na ipatupad ang mga neoliberal na polisiya sa kabila ng pinsala nito sa kabuhayan ng mga magsasaka at kabiguan nitong ibaba ang presyo ng bigas sa mga pamilihan," ayon sa mga magsasakang kababaihan. Ayon sa nakalap na mga ulat ng grupo, sumadsad na ang presyo ng palay tungong P3-P6 kada kilo mula nang ipatupad ang pakitang-taong price control ni Marcos Jr sa presyo ng bigas. Lalupang babaratin ang lokal na palay kung babaha ang milyun-milyong toneladang imported na bigas sa merkado.

Naglabas ng pinag-isang pahayag ang anim na grupo na binubuo ng KMP, SINAG, Federation of Free Farmers, Philippine Confederation of Grains Associations o PHILCONGRAINS, Pambansang Mannalon, Mag-uuma, Magbabaul, Magsasaka ng Pilipinas, at National Movement for Food Sovereignty.

## Planong pambobomba ng 2nd IB sa Masbate, napaatras

Setyembre 20, 2023

Pansamantalang napaatras ng mga Masbatenyo ang planong pambobomba ng 2nd IB sa Mt. Uac at Mt. Bagulayag sa Masbate island na isasagawa sana noong Setyembre 16-18. Napaatras ang pambobomba sa harap ng mahigpit na pagtutol ng mga residente sa mga bayan ng Milagros, Uson at Mobo.

Batid nila na layuning ng pambobomba na takutin at itaboy ang mga residente para malayang

makapasok ang operasyong mina sa kabundukan, partikular ang Filminera-Masbate Gold Project ng Filminera Resources Corporation (FRC).

Hinamon ng Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid (PKM)-Masbate ang mga residente na ibayong pahigpitin ang kanilang pagkakaisa para tuluyang pigilan ang planong bombahin ang kabundukan na iniusod sa Setyembre 23.

"Hindi dapat magpapakampante ang masang Masbatenyo dahil hindi basta na lamang isusuko ng FRC ang balak nitong dambungin ang kayamanan ng Masbate," ayon sa PKM-Masbate.

Noong Setyembre 16, tinambakan ng mga sundalo ang mga komunidad sa paanan ng Mt. Uac at Mt. Bagulayag para maghasik ng takot. Hinalihaw ng mga pasistang tropa ang apektadong mga barangay na mahigpit na tumututol sa hibang na planong pagwasak sa kabundukan. Bago nito, walang patumanggang nagpapaputok at nanindak ang mga sundalo mula Setyembre 14-16 sa Barangay Paguihaman, Uson.

Nanawagan din ang PKM-Masbate sa ibang mga organisasyon na suportahan ang laban ng mga residente laban sa pagwasak sa kanilang kabundukan at kabuhayan, at manindigan laban sa paglabag ng mga sundalo sa karapatang-tao.

## 500 war game at ibang aktibidad militar; dagdag na base militar, itinutulak ng US sa Pilipinas

Setyembre 22, 2023

Dalawang araw bago ang ika-32 anibersaryo sa pagbabasura sa Military Bases Agreement, walang kahihiyang inianunsyo ng tutang rehimeng Marcos Jr at Armed Forces of the Philippines na magsasagawa ang militar ng US ng 500 war game at aktibidad militar sa Pilipinas sa susunod na taon. Kasunod ito ng inianunsyo ng US na pagnanaisa na dagdagan pa ang siyam na itinatayo nang mga base militar sa bansa.

Ang pagpapalawak sa presensya at interbensyong militar ng US sa Pilipinas ay isinapubliko matapos ang pagpupulong ng Mutual Defense Board-Security Engagement Board (MDB-SEB) sa AFP General Headquarters sa Quezon City noong Setyembre 14.

Matatandaang ibinasura ng Senado ng Pilipinas ang MBA na nagresulta sa pagpapatalsik ng mga tropang militar sa bansa noong Setyembre 16, 1991.

Sa kasalukuyan, siyam na base militar ng US na tinawag na mga “EDCA site” ang isinapubliko ng rehimen. Palawak nang palawak ang sinasaklaw ng US sa loob ng mga baseng ito. Nadagdagan ng 63 istruktura ang 32 pasilidad na naunang inianunsyo sa nakaraan. Kabilang sa mga ito ang mga gusali para tambakan ng iba’t ibang klaseng armas, imbakan ng langis, baraks, paliparan, daungan at iba pang pasilidad na itinatayo para sa solong gamit ng mga tropang Amerikano. Sinuhulan ng US ang Pilipinas ng $110 milyon para madaliin ang konstruksyon ng mga ito.

Liban sa siyam na isinapublikong lokasyon, may mga outpost kung saan halos permanente ang presensya ng mga tropa ng US sa Ilocos Norte, mga isla sa Cagayan at maraming bahagi sa Western Mindanao. Dagdag pa ang malalaking barkong pandigma na halos permanenteng nakapwesto sa mga karagatan ng Pilipinas para maglunsad ng mga war game at iba pang mapandigmang aktibidad kasama ang iba nitong kaalyadong bansa. Ayon mismo sa kalihim ng depensa ng Pilipinas, ang mga aktibidad na ito ay "hindi koordinado" sa Pilipinas.

"Noong 1991, lumundo ang pakikibaka ng mamamayang Pilipino para sa tunay na soberanya sa makasaysayang pagtatakwil ng senado para palawigin ang presensya ng mga base militar ng US sa Pilipinas," pahayag ng grupong Gabriela sa araw na iyon.

"Ngayong ibinabalik ng mga sundalong Amerikano ang kanilang mga operasyon sa pamamagitan ng mga EDCA site, kailangan ngayong tanganin ang katulad na tapang at kapasyahan ng mga Pilipinong nauna sa atin."

## CAFGU at aset ng militar, inambus ng BHB-Western Samar

Setyembre 23, 2023

Isang CAFGU at isang aset ng militar ang inambus ng mga operatiba ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Western Samar (Arnulfo Ortiz Command) noong Setyembre 16 at 17. Ang dalawa ay sangkot sa mga operasyong kombat ng Armed Forces of

the Philippines (AFP) at pangunahing mga aset sa paniktik laban sa rebolusyonaryong kilusan sa prubinsya.

Isinagawa ng mga Pulang mandirigma ang isang ambus noong Setyembre 17 sa Sityo Fernandez, Barangay Cataydungan, San Jose De Buan, Western Samar laban sa lokal na tauhan ng CAFGU. Napatay sa naturang ambus ang ahente at aset paniktik ng 87th IB na nakilalang si Winnie Dacles.

Ayon sa BHB-Western Samar, kilala si Dacles sa mga kontra-rebolusyonaryong aktibidad sa kanilang bayan kabilang na ang sapilitang pagrerekrut ng CAFGU. “Isinusuka rin siya ng kanyang mga kababaryo dahil sa mga lumpen na aktibidad tulad ng pagnanakaw, abuso sa kababaihan, paghahari-harian at pambubulabog sa baryo,” dagdag pa ng yunit.

Samantala noong September 16, inambus naman ng isang yunit ng BHB si Tito Llamado, kapitan ng Barangay Anagasi, Paranas, Western Samar. Si Llamado ay aktibong nagpapasuko ng mga dating mandirigma ng BHB para kumita ng ₱10,000 sa bawat isang “mapasusuko.” Malaki rin umano ang kanyang bahagi sa pagkakakuha ng nakatagong dalawang ripleng M14 na mga armas ng BHB.

Liban dito, aktibo siyang nagpapatupad ng mga programa ng National Task Force-Elcac tulad ng pagrekrut ng mga CAFGU sa kanyang barangay at makaisang-panig na nagpahintulot sa militar na magkampo sa kanilang baryo sa kabila ng pagtutol ng mga residente.

Ang mga aset militar at CAFGU ay lehitimong target ng mga opensiba ng BHB. Ikinagalak ng masa sa mga naging resulta ng pamamarusa dahil matagal nang sagabal sa kanilang maayos na kabuhayan at malayang pagkilos ang mga ito.

## Klase sa mga paaralan sa Masbate, nakansela dulot ng palabas na engkwentro ng 2nd IB

Setyembre 23, 2023

Nagbunsod ng pagkansela ng klase sa mga eskwelahan ang palabas na engkwentro at walang patumanggang pamamaril ng tropa ng 2nd IB sa hangganan ng Barangay Villahermosa, Cawayan at katabing bayan na Placer noong Setyembre 16 ng ala-6 ng umaga. Inilinaw ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Masbate na wala itong yunit na nakasagupa ng mga sundalo.

“Hindi isinasaalang-alang ng militar ang kaligtasan ng mga sibilyan laluna ng kabataan sa halos isang minutong pagpapaputok na wala namang target,” ayon sa BHB-Masbate.

Para kumpletuhin ang hinabing kwento ng engkwentro, pinalabas ng 2nd IB na nakasamsam sila ng isang M653 na baril, tatlong magasin, backpack, selpon at iba pa. Liban dito, nagsitakbuhan pa ang mga sundalo sa Barangay Calapayan sa Cawayan para umano habulin ang umano’y umaatras na mga myembro ng BHB na kanilang nakasagupa.

Katawa-tawa, iniulat ng BHB-Masbate na muntikan pang magkaroon ng mis-engkwentro sa pagitan ng mga pwersa ng 2nd IB matapos sumaklolo ang kanilang yunit na nakabase sa Barangay Miabas, Palanas na walang alam sa pakanang drama ng kanilang mga kasamahang mula sa kampo ng Paguihaman, Uson.

Lango sa sariling kasinungalingan, nagpasalamat pa si Lt. Col. Orlando C. Ramos, Jr., pinuno ng 2IB sa "patuloy na pakikipagtulungan ng mga mamamayan ng prubinsiya ng Masbate."

Muli namang nagbabala si Ka Luz del Mar, tagapagsalita ng BHB-Masbate, sa paglikha ng 2nd IB ng senaryo ng kaguluhan para bigyang-rason ang pagdeklara sa Masbate bilang "election hotspot." "Masahol, tanging mga ordinaryong magsasaka o masa ang nabibiktima sa kanilang mga pakana. Napuperwisyo ang matiwasay na mga komunidad at paghahanapbuhay ng mga tao sa mga lugar na may presensya ng militar," dagdag niya.

## Nag-ooperasyong tropa ng 4th SRB at 42nd IB, binigwasan ng BHB-Eastern Samar

Setyembre 23, 2023

Pinaputukan at hinaras ng mga mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Eastern Samar (Sergio Lobina Command) ang nag-ooperasyong tropa ng pinagsanib na 4th Scout Ranger Battalion (SRB) at 42nd IB sa Sitio Barayan, Barangay Pandol, Can-avid, Eastern Samar noong

Agusto 23. Pilit itinago ng militar sa publiko ang kanilang pagkatalo dahil dineklara na nitong “insurgency-free” ang bayan ng Can-Avid.

Napatay sa naturang operasyon ang dalawang elemento ng 4th SRB. Hindi bababa sa tatlo ang nasugatan, ayon sa ulat ng mga residente ng lugar.

Tahimik na nakadikit sa nag-ooperasyong tropang militar ang mga mandirigma ng BHB at nagpaputok ng limang minuto bago nakaganting putok ang mga sundalo. Sa labis na gulantang, nagsitakbuhan ang nasurpresang mga sundalo sa iba’t ibang direksyon. Ligtas na nakaatras ang mga Pulang mandirigma sa harap ng pagbuhos ng 500 tropang militar na naging reaksyon at operasyong pagtugis ng AFP.

Ipinagbunyi ng masang magsasaka ang opensiba ng kanilang hukbo. Labis ang pagkayamot ng masa sa mga tauhan ng AFP at ang focused military operation nito sa lugar na itinuturing ng mga tao na salot sa kanilang kabuhayan at hanapbuhay.

Ang 42nd IB at 4th SRB ay kabilang sa apat na batalyong itinambak ng Armed Forces of the Philippines sa Eastern Visayas sa pagitan ng Disyembre 2022 at Pebrero ngayong taon para “gapiin” ang “natitirang” mga prenteng gerilya ng BHB sa isla ng Samar.

Dumating sa Palo, Leyte noong Pebrero 20 ang 74th IB galing sa Basilan at 42nd IB na galing sa Quezon-Bicol noong Pebrero 20. Dumating din sa

rehiyon ang 21st Scout Ranger Company na nakapailalim sa 4th SRB mula sa Davao City noong Pebrero 17.

Bago nito, 400 elemento na ng 4th SRB ang lumapag sa daungan ng Calbayog City noong Disyembre 11, 2022. Dagdag sa mga tropang ito ang 564 bagong mga sundalo na nagtapos sa isang 6-buwang pagsasanay-militar sa Camp Eugenio Daza sa Hinabangan, Samar noon ding Pebrero 20.

## 1-linggong kampuhan ng mga magsasaka sa Antipolo, inilunsad

Setyembre 24, 2023

Inilunsad noong Setyembre 18 ng mga magsasaka sa ilalim ng Pagkakaisa at Bukluran ng Magsasaka sa Nagpatong Inc (PBMSN, INC) ang kanilang 1-linggong kampuhan sa Sityo Nagpatong, Barangay San Jose, Antipolo City. Layunin ng kampuhan na igiit ang kanilang karapatan sa lupa na dalawang dekada na nilang binubungkal. Kasabay ito sa dayalogo na nais nilang igiit sa gubernadora ng prubinsya.

Pinaninindigan ng may 150 pamilya ang kanilang karapatan sa 24-ektaryang lupang pang-agrikultur na siya ring tirahan nila. Tinamnan nila ito ng pinya, luya saging, suha, rambutan, guyabano, marang, bayabas, papaya, mangga, langka, abokado, at ilang madadahon na gulay. Mayroon din silang sakahang pangkomunidad na kalakhan ng tanim ay saging. Sa kabila nito, inaangkin ng mga realtor na sina Sandra Rovero-Cox at

kumpanyang Rapid City ang naturang lupa para pagtayuan ng subdibisyon. Mula 2021, may isang ektarya na sa naturang lupa ang sinaklaw para sa quarry, ayon sa mga residente.

Layunin ng protestang kampuhan na ipatigil ang panggigipit ng mga gwardya ng nangangamkam ng lupa; tanggalin ang tarangkahan na naglilimita sa kanilang malayang pagpasok; at palayasin ang mga gwardya.

Ayon sa samahan, pinasok ang Sityo Nagpatong ng mga ispekulador sa lupa mula 2019. Pilit inaangkin ang lupa ng nagngangalang "Mr at Mrs Gatlabayan" at ng kumpanya sa real estate na LCG Homes kahit may mga pamilyang nagbubungkal at naninirahan dito. Kakunsabo nila ang Provincial Agrarian Reform Office ng DAR na nagsabing iginawad ang naturang lupa sa walong benepisyaryo na hindi kailanman tumira at nagsaka sa lugar.

Ginamit ito ng mga umaangkin at umaagaw sa lupa para bigyang-matwid ang pagtatayo ng tarangkahan sa komunidad noong 2021 na binabantayan ng mga armadong gwardya at pagpataw ng curfew sa paglalabas-pasok sa komunidad. Ipinatigil din nito ang pagpasok ng mga kagamitang pang-konstruksyon para sa pag-aayos ng bahay ng mga residente.

"Dahil dito, napipilitan ang mga magsasakang dumaan sa delikado, maputik, at matatarik na daanan para lang makapasok sa kanilang bahay," salaysay ng samahan. "Iligal din na pumapasok ang mga armadong goons sa lupang sinasakop ng

mga magsasaka, pinatitigil ang pag-aayos ng kanilang mga bahay, at pinalalayas gayong nakasalang pa sa Department of Agrarian Reform ang usapin sa lupa."

Ayon sa samahan, tuluy-tuloy ang panggigipit ng mga gwardya na nagsimula noon pang Pebrero. Maging sa unang araw ng kampuhan ay binantaan silang bubuwagin ito.

## AFP, kidnapper at sinungaling!

Setyembre 24, 2023

Naglunsad ng raling-iglap ang kabataan sa ilalim ng Anakbayan at iba pang grupo sa harap ng Camp Aguinaldo kahapon, Setyembre 23, para kundenahin ang pagdukot o pagkidnap, detensyon at pamimilit sa dalawang aktibistang pangkalikasan na sina Jhed Tamano at Jonila Castro. Kinundena din nila ang mga kasinungalingang patuloy na ipinalalaganap ng militar matapos matapang na salungatin ng dalawang aktibista ang mga kasinungalingan ng AFP, at sa kalauna'y pagbawi sa kanila mula sa kustodiya ng AFP at NTF-Elcac.

Bitbit nila sa protesta ang mga istrimer na nagsasaad na "AFP: Mandurukot at sinungaling!" "Abolish NTF-Elcac!" Stop the attacks!"

"Ang AFP ang mandurukot at sinungaling! Malinaw ang ebidensya na walang may ibang kagagawan nito kundi ang AFP at NTF ELCAC," bwelta ni Kate Almenzo, tagapagsalita ng Anakbayan. "Sa lahat ng kaso ng abduction,

malinaw ang kaso ng redtagging at sarbeylans ng mga ahente ng estado. Lantad na lantad na ang kanilang kultura ng pag-'brand' sa mga aktibistang nasa kamay nila bilang fake surrenderees!"

"Sa dami ng kaso ng desaparacidos at lumalalang kalagayan ng karapatang-tao sa buong bansa, wala ni isang pahayag si Marcos Jr! Malinaw na walang pagkilala sa karapatang-tao ang rehimeng ito," ani Almenzo. "Hinahamon ka namin, Marcos Jr, panagutan mo ang sarili mo at ang Armed Forces of the Philippines sa patuloy na pagtapak sa demokratong karapatan ng mamamayan at patuloy na pag-aabuso rito!"

Tinawag nilang "desperado" ang AFP sa pagbabanta nitong sampahan ng kasong perjury o pagsisinungaling sina Tamano at Castro dahil sa pinirmahan nilang salaysay na "sumuko" sila habang nasa lihim na detensyon ng militar.

Inilinaw ng abudago ng dalawa na si Atty. Dino de Leon na hindi ito maaaring gawin ng militar. Aniya, lahat ng pahayag na ginawa ng dalawa habang nasa kustodiya sila nang walang presensya ng kanilang piniling ligal na representate ay hindi pwedeng gamitin sa korte bilang ebidensya. Kung tutuusin, maari pa nga itong gamiting ebidensya ng pang-aabuso at pamimilit, aniya.

Giit ng Release Jonila and Jhed Network, ang militar ang dapat na singilin at sampahan ng kasong kidnapping, illegal detention, at iba pang paglabag sa karapatang-tao ng dalawa.

# Mag-asawang sibilyan, pinaslang ng militar sa Masbate

Setyembre 24, 2023

Namatay sa pamamaril ng mga sundalo at elemento ng CAFGU ang mag-asawang sina Jover “Dodo” Villegas, 40 anyos, at Aimee Villegas na taga-Sityo Basak, Barangay Luna, Placer noong Setyembre 21, bandang alas-5 ng umaga. Para makatakas sa pananagutan, pinalalabas ng mga berdugo na mga kasapi ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) na napatay sa engkwentro ang dalawa. May apat na anak ang mag-asawa.

Sa ulat ng mga kaanak ng mga biktima, papunta sa kanyang sakahan para asikasuhin ang kanyang kalabaw si Jover nang bigla na lamang siyang binaril ng mga elemento ng militar at CAFGU. Kaagad pumunta ang kanyang asawa sa lugar matapos makarinig ng putok at doon ay binaril din siya ng mga berdugo. Niratrat pa ng mga sundalo ang mga biktima hanggang sa madurog ang mukha ni Jover at matanggal ang mata.

Pinasubalian kaagad ni Ka Luz del Mar, tagapagsalita ng BHB-Masbate, ang akusasyong mandirigma ng BHB. Aniya, “walang anumang kaugnayan ang mga biktima sa rebolusyonaryong kilusan. Taliwas ito sa pahayag ng militar na may koneksyon ang dalawa sa BHB.”

Maging sa mga paskil sa social media ng mga kaanak, pinasubalian nilang nagkaroon ng engkwentro sa naturang lugar. Iginiit nilang mga sibilyan ang mag-asawang Villegas at na kilala nila

ang mga ito. Ibinunyag nilang sadyang pinatay sila ng mga sundalo. Nanawagan din sila ng hustisya sa mga ahensya ng gubyerno.

“Hindi man ganun kadali makuha ang hustisya pero hindi ko kayo susukuan,” ayon sa anak ng mga biktima na si Jamaica Villegas. Samantala, labis ang galit ni Marivic Grajo, kapatid ni Aimee, sa mga sundalo. “Anong klaseng mga sundalo kayo, ganyan ba talaga ang pagtingin niyo sa mga taong dapat ninyong pinuprotektahan?” tanong niya.

Para pagtakpan ang kanilang krimen, binihisan pa ng mga sundalo ang bangkay ng mga biktima at nilagyan ng ammo pouch para lamang pagmukhaing armadong kasapi ng BHB.

Ipinanata naman ng BHB-Masbate na kakamtin ang rebolusyonaryong hustisya para sa mag-asawa. Anito, “dapat panagutin ang rehimeng US-Marcos II, mga upisyal ng militar at mga lokal na kasabwat tulad ni Governor Kho sa pagpatay sa mag-asawang Villegas at sa iba pang biktima ng kampanyang teror ng AFP-PNP-CAFGU.”

Ipinanata ng BHB-Masbate na mabibigyan ng rebolusyonaryong hustisya sa sinapit ng mag-asawa. Anito, “dapat panagutin ang rehimeng US-Marcos II, mga upisyal ng militar at mga lokal na kasabwat tulad ni Gov. Kho sa pagpatay sa mag-asawang Villegas at sa iba pang biktima ng kampanyang teror ng AFP-PNP-CAFGU.”

Sa pamantayan ng internasyunal na makataong batas, mga batas ng digma at iba pang

internasyunal na deklarasyon na nagbibigay ng proteksyon sa mga sibilyan at di-kombatant saan man may armadong sigalot, ang pamamaril at pagpatay ng mga sundalo sa mga sibilyan ay tahasang paglapastangan sa mga ito.

Ipinagbabawal sa ika-32 Artikulo ng Fourth Geneva Conventions ang anumang hakbang na magreresulta sa pagdurusang pisikal o pagpuksa sa mga taong nasa ilalim ng proteksyon nito. Anito "…hindi lamang ito aplikable sa pagpatay, tortyur, pananakit, mutilation (pagputol sa anumang bahagi ng katawan) …kundi maging sa iba pang pamamaraan ng brutalidad, gawa man ng ahenteng sibilyan o militar."

Labag din ito sa Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL) na pinirmahan ng Gubyerno ng Pilipinas at National Democratic Front of the Philippines.

Samantala, lubhang labag din ito sa Declaration on the Protection of Women and Children in Emergency and Armed Conflict ng United Nations General Assembly noong Disyembre 14, 1974 ang pagpatay sa kababaihan. Anito, isang krimen sa digma ang "lahat ng porma ng panunupil at malupit at hindi makataong pagtrato sa kababaihan at mga bata, kabilang ang pagkukulong, tortyur, pamamaril, maramihang pag-aresto, kolektibong pamamarusa, paninira sa tirahan at pwersahang pagbabakwit, na isinagawa ng mga pwersang belligerent sa kasagsagan ng operasyong militar nito (Bilang 5)."

## Mapanirang operasyong kwari sa Mindoro, pinarusahan ng BHB

Setyembre 24, 2023

Pinatawan ng aksyong pamarusa ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Mindoro ang operasyong kwari sa gitna ng Ilog Bongabong, Barangay Hagupit, Bongabong, Oriental Mindoro noong Setyembre 20 ng hapon. Pinaralisa at sinunog ng mga Pulang mandirigma ang isang payloader na ginagamit sa operasyong kwari ni Mayor Elgin Malaluan ng bayan ng Bongabong.

Ayon kay Ka Madaay Gasic, tagapagsalita ng BHB-Mindoro, ang aksyong militar ay isang mahigpit na babala sa mga sumisira sa kalikasan sa buong isla. "Ang hakbang pamamarusa na ito ay bahagi ng pagtupad ng BHB-Mindoro sa patakaran ng Demokratikong Gubyernong Bayan na pagtatanggol sa Ilog Bongabong mula sa mga ganid at mapagsamantalang opereytor ng kwari sa pangunguna ng mismong alkaldeng si Elgin Malaluan," dagdag pa niya.

Giit pa ni Ka Madaay, hindi dapat hayaan ang pamamayagpag ng mga operasyong ito na lubos na pumipinsala sa Ilog Bongabong na magdudulot ng matitinding pagbaha at pagguho ng lupa.

Aniya, sana ay magsilbi ding mensahe ang hakbang pamamarusa sa Sangguniang Panlalawigan ng Oriental Mindoro na laway na laway na buksan ang isla para sa dayuhan at mapangwasak na mina.

Hindi umano palalampasin ng BHB-Mindoro at ng rebolusyonaryong kilusan sa isla ang imbing pakanang ilusot ang mas malalaking minahang pagmamay-ari ng mga dayuhan at malalaking kumprador-panginoong maylupa matapos pataksil na aprubahan ang Provincial Ordinance 145-2022, o ang ordinansang nagpapahintulot sa operasyong quarry ng armour rocks sa saklaw ng prubinsya.

## Militanteng unyon ng mga panadero, panalo sa eleksyon sa Laguna

Setyembre 24, 2023

Naipanalo ng militante at makabayang unyon na Panadero ng Philfoods Fresh Baked Product Inc (PPFBPI)-OLALIA-KMU ang eleksyon sa sertipikasyon para sa unyong kakatawan sa mga manggagawa ng pagawaan noong Setyembre 22. Nakakuha ng 295 na boto ang unyon sa kabuuuang 341 bumoto sa eleksyon, habang 25 boto ang nakuha ng katunggaling unyon.

Ang Philfoods Fresh Baked Product Inc ay kapatid na pagawaan ng Gardenia Bakeries na gumagawa ng tinapay para sa Gardenia, isang kumpanyang multinasyunal. Ang pagawaan ng Philfoods ay matatagupuan sa LIIP Avenue, Barangay Mamplasan, Biñan, Laguna.

Para ipagdiwang ang kanilang pagkakaisa, nagpiket ang mga manggagawa sa pagawaan sa araw na iyon. Ipinaabot naman ng iba’t ibang unyon at pederasyon ang kanilang pagbati at suporta sa tagumpay ng mga manggagawa.

Matatandaang ang unyon ng panadero sa Philfoods ay kumaharap sa panggigipit mula sa mga pwersa ng estado sa nagdaang mga buwan. Pagtatangka itong buwagin ang pagkakaisa ng unyon sa harap ng kampanya at paghahanda para sa sertipikasyon.

Noong Hunyo, binatikos ng unyon ng mga manggagawa sa Gardenia Bakeries Phils at Philfoods Fresh Baked Products ang panghihimasok ng Armed Forces of the Philippines (AFP), sa pahintulot ng mga kapitalista ng dalawang kumpanya, sa mga planta at internal na usaping pang-manggagawa ng mga ito. Naghain ng reklamo ang dalawang unyon sa Commission on Human Rights noong Hunyo 15 kaugnay nito.

Kwento ni Larry Mallorca, pangulo ng Unyon ng mga Panadero sa Philfoods Fresh Bake Products, “May 25, 2023, kami po ay iniskedyulan na magkaroon ng meeting kasama ng management… yung inexpect namin, management, tapos ngayon, maya-maya pinaakyat nila kami tapos, nakita namin, bakit may mga kapulisan, NTF-ELCAC, at saka yung may mga iba pang taong hindi namin kilala?”

Dagdag pa niya, “Nangagamba kami kung bakit nila sine-seminar sa amin yung mga ganong nangyayari na kami ay mga manggagawa lang na gumagawa ng tinapay… Sa organisasyon na binuo namin, ang ipinaglalaban namin, ay sapat na sahod, maayos na benepisyo, at kasiguraduhan sa trabaho. Nakakapagtaka bakit kami nila ginaganyan.”

Sa kabila ng mga panggigipit, ayon sa Alyansa ng Manggagawa sa Probinsya ng Laguna (Almapila), ang pagkapanalo ng PPFBPI ay patunay na wasto ang pagtatayo ng isang tunay, palaban, at makabayang Unyon laluna sa gitna ng tumitinding krisis pang ekonomya na patuloy na nagsusubsob sa mga manggagawa sa kahirapan.

Hinamon ng Almapila ang mga manggagawa sa Laguna na patuloy na mangahas, pagtibayin ang diwa ng sama-samang tulungan at tanggulan, at itayo ang tunay na unyon sa pagkakamit ng mga demokratikong karapatan.

## Unyon sa Pasig City, nagprotesta kontra 'deadlock' sa CBA

Setyembre 24, 2023

Naglunsad ng protesta ang mga manggagawa ng Valle Verde Country Club, Inc. Employees Union (VVCCIEU) sa Pasig City noong Setyembre 18 bilang pagkundena sa kasalukuyang deadlock o hindi pag-usad sa negosasyon para sa Collective Bargaining Agreement (CBA) sa pagitan ng unyon at maneydsment. Anila, bagaman ibinaba na nila ang kanilang mga kahingian sa maneydsment ay nauwi pa rin sa deadlock ang pakikipagtawaran.

Sa mga lumabas na ulat, napabalitang tanging dagdag-sahod, signing bonus at rice subsidy na lamang ang inihain ng unyon sa negosasyon mula sa dating 25 kahingian. Giit nila ang dagdag-sahod na ₱38.50 kada araw sa unang taon ng CBA upang makaalwan sa patuloy na pagtaas ng presyo ng bilihin.

Ayon sa mga empleyado, napapanahon nang ibigay ang kanilang mga kahilingan sa CBA matapos ang tatlong taon sa pandemya na walang dagdag-sahod. Paliwanag ng mga manggagawa, mula 2020 ay nakatanggap lamang ang bawat miyembro ng unyon ng lumpsum na ₱7,000 mula sa kumpanya, kapalit ng kawalan ng dagdag-sahod sa nakaraang CBA.

“Ang sinasabi nga namin, ‘Tao muna bago proyekto,’” ayon kay Antonio Pantaleon, Jr, pangulo ng unyon. Kaugnay ito ng isinasagawang pagpapaayos ng pasilidad at kagamitan sa Country Club. “Patuloy pa rin po sila sa pag-iimprove, ang mga tao ay napapabayaan,” dagdag niya.

Sa nakaraan nilang negosasyon para sa CBA, umabot pa ng isang taon at limang buwan na nakabinbin ang CBA ng unyon bago nagkaroon ng Settlement Agreement noong Pebrero 2022.

Umaabot sa 110 rank-and-file na manggagawa ang miyembro ng Valle Verde Country Club, Inc. Employees Union.

## Organisador sa Isabela, inaresto sa gawa-gawang kaso

Setyembre 25, 2023

Iniulat kahapon, Setyembre 24, ng grupong Karapatan-Cagayan Valley ang di makatarungang pag-aresto ng Criminal Investigation and Detection Group (CIDG) Regional Field Unit 2 sa organisador sa komunidad na si Michael Eraña,

46, sa Barangay Nilumisu, Echague, Isabela. Inaresto siya noong Setyembre 21 at kasalukuyang nasa kustodiya ng CIDG Santiago City.

Inaresto siya ng mga pulis sa gawa-gawang kasong pagpatay at pagnanakaw. Pinalalabas pa ng mga pwersa ng estado na nakumpiska sa kanya ang tatlong iba't ibang uri ng mataas na kalibre ng baril gaya ng ripleng M16, maraming bala at mga magasin ng M16, tatlong granada at isang binocular.

Ang pag-aresto sa kanya ay sa bisa umano ng dalawang warrant of arrest sa kasong "murder" na inilabas ni Judge Isaac de Aban ng Regional Trial Court (RTC) Branch 10 ng Ilagan, Isabela noong Nobyembre 19, 2010 at sa "robbery in band" na inilabas ni Judge Bonifacio Ong ng RTC Branch 17, Ilagan, Isabela noong Pebrero 10, 2011.

Liban dito, si Eraña ay walang-batayang isinali sa listahan ng National Top Most Wanted Person at may patong sa ulo na P380,000 ng Department of the Interior and Local Government (DILG).

Ayon sa hiwalay na ulat, dinakip din ng mga pulis ang isang Fedelito Marsamalo, 23, residente ng West Rembo, Makati City matapos umanong humarang sa pag-aresto kay Eraña.

Giit ng Karapatan-Cagayan Valley, si Eraña ay ilang taon nang organisador sa komunidad. Lumaki siya sa isang pamilyang magsasaka at nangarap makapagtapos ng inhineriya ngunit

piniling maging isang organisador sa hanay ng api at atrasadong mga komunidad sa kanayunan.

## 3 upisyal ng unyon ng Nexperia, balak tanggalin ng kumpanya

Setyembre 26, 2023

Nagprotesta ang mga manggagawang kasapi ng unyon sa Nexperia Philippines sa planong pagsisante ng kumpanya sa walong manggagawa nito, kabilang ang tatlong upisyal ng unyon, sa pamamagitan ng mandatory separation. Tinawag nilang "tahasang pambabalusabas" sa kanilang collective bargaining agreement (CBA) ang gagawing tanggalan partikular sa probisyon na Last In First Out (LIFO).

Para bigyan-katwiran ang planong pagsisante sa tatlong upisyal, ginamit ng kumpanya ang mga probisyon kaugnay sa pag-leave para ideklara silang "not in good standing." Ipinaabot sa unyon ang desisyon ng maneydsment noong Setyembre 22 at balak ipatupad sa darating na Oktubre.

Bahagi ang pagtatanggal sa walong manggagawa sa serye ng mga tanggalan na nagsimula noon pang Pebrero kung kailan unti-unting isinara ng Sensors Department ng pabrika dahil ililipat ng kumpanya ang produksyon nito sa ibang bansa. Apektado sa pagsasara ang 495 manggagawa, kabilang ang mga kontraktwal na nailaban ng unyon na gawing regular. Habang may mga pumaloob sa voluntary separation program, patuloy na nanawagan ang unyon para i-absorb

ang apektadong mga manggagawa matitirang Power Department ng Nexperia Philippines.

Salaysay ng unyon, ipatutupad ang pagtatanggal ng walong manggagawa sa kabila ng may "internal na hiring" o pagkuha ng kumpanya ng mga manggagawa. Anito, itinuturing nilang "laban ng buo" ang "laban ng walo."

"Ibig sabihin, may bakante pang pwestong pwedeng punuan. Ano sinasabing batayan ng management sa pagtatanggal?" tanong ng unyon. "(N)akakalimutan 'ata ng management na kung magkakaroon ng tanggalan, dapat respetuhin at ipatupad ang nilalaman ng CBA. Ang tatlo sa walong tatanggalin ay mga tenured na manggagawa at upisyal ng unyon."

Ayon sa unyon, habang ginigipit ng Nexperia ang mga manggagawa at tinitipid ang produksyon nito, papalaki ang nang papalaki ang kinikita nito.

"(K)atunayan ay nakapagdeliver ang Nexperia Phils ng isang bilyong produkto sa loob lamang ng anim na buwan ngayong taon," ayon sa unyon. "Maglipat ng lugar ng pagawaan para mas mababa ang sahod. Magtanggal ng mga senior na manggagawa para makatakas sa pagbibigay ng karampatang benepisyo. Magpahina at mang-atake ng unyon lalo na ngayong papasok muli sa CBA sa susunod na taon."

## Mga “crab net” ng mga mag-aalimango sa Gubat, iligal na kinumpiska

Setyembre 26, 2023

Iligal na pinasok ng armadong ahente ng estado ang mga tahanan ng 10 myembro ng Cota na Dako Crablet Workers Association at kinumpiska ang kanilang “duyan-duyan” o crab net noong Setyembre 22, bandang 6:30-7:30 ng umaga. Sinalakay ang mga bahay ng di bababa 25 elemento ng coast guard at pulis at mga tauhan ng Municipal Fisheries ang Agriculture Office (MAO).

Ayon kay Allan Espallardo, tagapangulo ng Save Gubat Bay Movement, walang ipinakitang search warrant o ano mang ligal na papeles ang mga awtoridad ng kumpiskahin ang mga nasabing kagamitan.

Ang mga bahay na iligal na pinasok at nirekisa ay tirahan ng sumusunod na mag-aalimango: Claudio Fajardo, Louie Fedellaga, Rolando Dongaban, Ramil Buenaobra, Loreto Rosero, Jordan Ibale, Merlie Buenaobra, Leo Edalgo, Eric Fajardo, at Rosana Elemente, lahat mga residente ng Barangay Cota na Dako, Gubat, Sorsogon.

Giit ng mga mag-aalimango na hindi bawal ang ang paggamit ng crab net, ayon mismo sa Bureau of Fisheries and Aquatic Resources (BFAR).

“Hndi naman kami nakasisira ng kalikasan, na ok naman sya, pero bakit siya kinumpiska ng mga

taga coast guard, taga munisipyo?” pahayag ni Ar-ar Doncilllo, isa sa mga pinuno ng COTAW.

Batay sa mga probisyon ng Fisheries Administrative Order No. 264, s. 2020, walang ipinagbabawal na mga kagamitan sa pag-aalimango. Ayon pa sa ulat ng BFAR, muling sinusuri ang mga probisyon ng FAO 264 upang baguhin, na gagamiting basehan nitong pagsusuri ang sustenableng industriya ng pag-aalimango sa Gubat, Sorsogon.

“Ano ang gusto n’yo ipahiwatig sa mga tao? Na magutom na lang ang mga pamilya nila? Na mamalimos kami? Samantalang naghahanapbuhay kami ng maayos, araw-gabi, puyat, upang may mapakain kami sa aming pamilya… yung mga kinuha n’yo na gear namin di yun hiningi, pinag-ipunan namin yan, nangutang pa kami para magamit,” bwelta ni Doncillo.

Kinukundena ng Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid (PKM)-Sorsogon ang panggigipit at harasment ng estado sa mga myembro ng COTAW.

“Dapat magkaisa ang mamamayang Sorsoganon na labanan ang proyektong coastal road sa munisipyo ng Gubat at sa lahat ng anti-mamamayan at anti-kalikasan na proyekto sa probinsya. Dapat maging mapagmatiyag at maghanda ang mga mamamayan sa maari pang mga paglabag sa karapatang-tao ng estado upang sikilin ang kanilang mga karapatan para sa lupa at kabuhayan,” pahayag ng grupo.

## Mga upisyal ng NTF-Elcac, ‘guilty’ sa red-tagging

Setyembre 26, 2023

Hinatulang maysala ng Ombudsman sa administratibong kasong may kaugnayan sa red-tagging ang mga dating upisyal at tagapagsalita ng National Task Force-Elcac na sina Lorraine Badoy at Antonio Parlade Jr. Batay ito sa desisyon ng Ombudsman noong Marso 23 na isinapubliko noong Setyembre 21. Batay ito sa kasong isinampa ng National Union of People’s Lawyers (NUPL) laban kina Esperon, Parlade at Badoy.

Ayon kay Atty. Edre U. Olalia, chairperson ng NUPL, “halu-halo” ang reaksyon ng grupo sa naging desisyon ng Ombudsman. “Habang hindi namin nakamit ang buong ligal na kabayaran…ang paghatol ng maysala…at kategorikal na pagpataw ng mahigpit na pangaral kay Gen. Parlade at isang nagngangalang Ms. Badoy ay maaaring tanawin bilang isang malakas na babala,” ayon kay Atty. Olalia.

Ayon sa Revised Rules on Administrative Cases sa Civil Service, ang unang paglabag sa “Conduct Prejudicial to the Best Interest of the Service” ay papatawan ng suspensyon nang anim na buwan hanggang isang taon. Bahagi ng suspensyong ito, ang pagbabayad ng katumbas na halaga ng sweldong tinanggap ng mga akusado sa panahong suspendido sila. Ngunit sa halip na suspensyon, pangaral lamang ang ipinataw kina Badoy at Parlade.

Binigyang diin sa 17-pahinang desisyon ng Ombudsman na "ang pag-uulit ng katulad na mga paglabag ay pakikitunguhan nang mas mahigpit." Samantala, inabswelto ng Ombudsman si Esperon sa administratibong kaso.

Ang kasong isinampa ng NUPL noon pang Disyembre 2020 ay pumatungkol sa malisyoso at walang batayang pag-uugnay ng mga upisyal ng NTF-Elcac sa NUPL sa rebolusyonaryong kilusan o bilang mga "prente" ng Partido Komunista ng Pilipinas, Bagong Hukbong Bayan at National Democratic Front of the Philippines.

Sa huling tala noong Abril 2022, umaabot na sa 16 na kaso ng pang-aabuso sa kapangyarihan, electioneering at iba pang kasong administratibo ang isinampa kay Badoy. Ang mga kaso ay isinampa sa iba't ibang ahensya at upisina ng estado.

## Katiting na rolbak sa presyo ng langis, insulto sa maralita

Setyembre 27, 2023

Binatikos ng grupong Pagkakaisa ng mga Samahan ng Tsuper at Operator Nationwide (Piston) ang malinaw na walang-saysay na ₱0.20/litro rolbak sa presyo ng gasolina at diesel, at P0.50/litrong rolbak sa presyo ng kerosene simula kahapon. Anila, isa itong malaking insulto sa masang maralita.

"Wala itong epekto sa pagtugon sa lumiliit na kita ng mga drayber at opereytor sa bansa," ayon kay

Mody Floranda, pambansang pangulo ng Piston. Pagdidiin ng grupo, napakalayo ng rolbak sa itinaas ng presyo ng petrolyo sa nagdaang mga linggo.

Sa loob ng sunud-sunod na 11 linggo, tumaas nang ₱17.30 at ₱15.95 kada litro ang diesel at kerosene, habang ang gasolina ay tuluy-tuloy na nagtaas nang ₱11.85 kada litro sa nagdaang 10 linggo. Naitala naman ang netong pagtaas na ₱17.50 kada litro sa gasolina, ₱13.6 kada litro sa diesel at ₱9.94 kada litro sa kerosene simula nang magbukas ang taon.

Giit ng Piston, dapat ibasura ng gubyerno ang Oil Deregulation Law (ODL) na nagbibigay ng kapangyarihan sa mga ganid na kumpanya ng langis na itaas nang itaas ang presyo ng mga produktong petrolyo.

Anila, ang batas na ito ang numero unong nagpapahintulot sa mga kumpanya ng langis na tumabo ng bilyun-bilyong kita sa pagpapataw ng labis-labis sa kapinsalaan sa mga Pilipinong nagdurusa sa napakataas na presyo ng langis.

“Hindi kami titigil na ipanawagan ang pagbabasura sa batas sa deregulasyon, at ang paggigiit sa gubyerno na gumawa ng hakbang para protektahan ang mamamayan mula sa napakatataas na presyo ng langis,” pagtatapos ni Floranda.

## Masaker sa 6 na indibidwal sa Kabankalan City, pinaiimbestigahan

Setyembre 27, 2023

Iginiit ni San Carlos Bishop Gerardo Alminaza na dapat imbestigahan ng mga independyenteng institusyon at ng Commission on Human Rights ang nangyaring pagpaslang sa anim na indibidwal sa pinalalabas ng 47th IB na namatay sa engkwentro sa pagitan ng isang yunit nito at ng Bagong Hukbong Bayan (BHB). Ayon kay Bishop Alminaza, dapat malaman kung tunay na engkwentro nga ba ang naganap o isang malagim na masaker.

Naganap ang masaker sa Sityo Lubi, Barangay Tabugon, Kabankalan City, Negros Occidental noong Setyembre 21.

Ayon sa BHB-Southwest Negros, ang limang Pulang mandirigma, kasama ang isang drayber ng traysikel, ay pinagbabaril at pinatay ng mga sundalo. Pawang hindi armado ang mga biktima at wala sa katayuang lumaban.

Ayon sa BHB, pawang mga upisyal sa gawaing medikal sina Ka Rekoy (Bobby Pedro), Ka Goring (Mario Mullon) at Ka Joyce (Janice Flores). Si Ka Bravo (Alejo delos Reyes) at kanyang 6-buwang buntis na si Ka Diane (Melissa dela Peña) ay naka-medical leave. Kinilala naman ang drayber ng traysikel na si Robin Gaitan.

“Gabi ng Setyembre 21, bumabyahe ang hindi armado at di kombatant [na mga biktima] sakay

ng inarkila nilang traysikel…nang bigla itong paulanan ng bala ng mga pasistang elemento ng 47th IB," ayon kay Ka Andrea Guerrero, tagapagsalita ng BHB-Southwest Negros. Aniya, hindi nila inaalis ang posibilidad na "tinuluyan pa ang buhay pa [na mga biktima] matapos ang unang bugso nang pagpapaulan ng bala."

Sa katunayan, matapos ang brutal na insidente, kaagad na nakipanayam ang asawa ni Gaitan na si Ariel Gaitan, sa lokal na midya sa Negros para linawin na hindi kasapi ng BHB ang kanyang asawa, taliwas sa pinalalabas ng AFP. Aniya, ang kanyang asawa ay isang sibilyan at nagtatrabaho sa Southern Negros Development Corporation (SONEDCO).

Kaugnay nito, idiniin ni Bishop Alminaza ang pangangailangang imbestigahan ang insidente dahil sa katayuan ng anim na napatay. Aniya, sang-ayon sa internasyunal na makataong batas (IHL), ang mga hors de combat at sibilyan ay protektado at may mga karapatan na dapat pangalagaan.

Ipinagbabawal sa ika-32 Artikulo ng Fourth Geneva Conventions ang anumang hakbang na magreresulta sa pagdurusang pisikal o pagpuksa sa mga taong nasa ilalim ng proteksyon nito. Labag din ito sa Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL) na pinirmahan ng Gubyerno ng Pilipinas at National Democratic Front of the Philippines.

Lubhang paglabag din ito sa Declaration on the Protection of Women and Children in Emergency and Armed Conflict ng United Nations General Assembly noong Disyembre 14, 1974 laluna't ang isa sa mga biktima ay anim na buwang buntis.

Nakasaad sa deklarasyon na isang krimen sa digma ang "lahat ng porma ng panunupil at malupit at hindi makataong pagtrato sa kababaihan at mga bata, kabilang ang pagkukulong, tortyur, pamamaril, maramihang pag-aresto, kolektibong pamamarusa, paninira sa tirahan at pwersahang pagbabakwit, na isinagawa ng mga pwersang belligerent sa kasagsagan ng operasyong militar nito (Bilang 5)."

## Mga manggagawa sa Cebu, ginigipit gamit ang EO 23

Setyembre 28, 2023

Ibinalita ng AMA Sugbo-KMU noong Setyembre 25 ang dalawang beses na panggigipit ng mga pulis sa kanilang mga kasapi sa ngalan ng Executive Order 23 (EO 23

Binuo ng kautusang ito ang Inter-Agency Committee for the Protection of the Freedom of Association and Right to Organize of Workers, ang huwad na tugon ng rehimeng Marcos sa rekomendasyon ng International Labor Organization (ILO) para sa pangalagaan ang karapatan ng mga manggagawa sa asosasyon.

Taliwas na taliwas sa rekomendasyong ito ng ILO ang ginagawang panggigipit ng mga pulis sa mga

manggagawa na dumalo sa mga pagpupulong na ipinatawag ng ILO sa Pilipinas noong Enero.

Sa salaysay ng AMA Sugbo, pinuntahan ng mga pulis ang bahay ng dalawang manggagawa na dati nang naging biktima ng interogasyon, pananakot at intimidasyon dahil sa kanilang paglaban sa kontraktwalisasyon at iligal na tanggalin. Kabilang ang dalawa sa 300 manggagawang tinanggal ng Universal Robina Corporation (URC) sa trabaho noong Abril 2022. Ayon sa kanilang salaysay, nagpakilala ang mga pulis na galing diumano sila sa "court labor" at ang kanilang pagbisita ay sa bisa ng EO 23.

Ganito rin ang dinanas nina Ramonito Tolero at Glibert Tolero, dati at kasalukuyang manggagawa ng kumpanyang Tsuneishi. Pareho silang nagsampa ng kaso ng harasment at red-tagging sa ILO at Commission on Human Rights. Pinuntahan si Ramonito sa bago niyang lugar sa trabaho noong Setyembre 19 para kwestyunin siya sa kanyang mga isinampang kaso. Samantala, mismong ang maneydsment ng Tsuneishi ang nagdala kay Gilbert sa istasyon ng pulis para "interogahin" at takutin kaugnay rin sa kanyang isinampang kaso.

Sa mga kasong ito, bukambibig ng mga pulis na naayon sa EO 23 ang kanilang mga ginagawa. Dati nang itinakwil ng mga manggagawa ang EO 23 at ang binuo nitong komite.

"Mula't sapul, sinabi na naming taliwas ang EO 32 sa rekomendasyon ng ILO HTM para palakasin ang tripartite dialogue sa layuning ipagtanggol

ang kalayaan sa asosasyon," pahayag ng pambansang upisina ng Kilusang Mayo Uno (KMU). Kinundena nito ang nagaganap na panggigipit sa mga mangaggawa sa Cebu na tinawag nitong "unang kaswalti ng EO 23.

"Pinatutunayan ng mga insidenteng ito na ang pagbubuo ng naturang inter-agency kung saan kabilang ang mga tagapaglabag mula sa AFP at PNP ay magpapalala lamang sa kalagayan (ng mga manggagawa.)" Anito, ipinapakita ng mga insidente sa Cebu ang pakitang-taong komitment ng rehimeng Marcos sa pagtataguyod sa kalayaan sa asosasyon.

"Ang totoo, ang namamayani sa loob ng inter-agency ay ang pasistang karakter ng AFP at PNP," anito.

## NGO, lider-manggagawa sa Cebu, ginigipit sa kasong "terorismo"

Setyembre 28, 2023

Mariing kinundena ng Community Empowerment Resource Network (CERNET), Inc., isang non-governmental organization na nakabase sa Central Visayas, ang panggigipit ng estado sa mga tauhan at kaugnayan nitong organisasyon. Noong Agosto, nakatanggap ang NGO ng subpoena (pagpapatawag) mula sa Department of Justice kaugnay sa kaso ng "terrorist financing" ng 27 indibidwal na mga dati at kasalukuyan nitong upisyal at istap. Isinama sa kaso maging si Jaime Paglinawan, presidente ng AMA Sugbo-KMU, na kaugnayang organisasyon ng CERNET.

“Mariin naming pinabubulaanan ang mga alegasyon na binanggit sa habla, laluna ang mga kasinungalingan at walang batayang akusasyon ng kanilang nangungunang saksi,” pahayag ng CERNET noong Setyembre 26. Tinukoy nilang “saksi” si Bernabe Nieves, isang dating istap ng CERNET na sinisante dahil sa grave misconduct at mga paglabag sa code of ethics ng NGO. Isinampa ang kaso ng isang Col. Joey Escanillas, ang kumander ng Joint Task Force-Cebu ng AFP noong Mayo. Natanggap ng institusyon ang subpoena noong Agosto 13.

“Ang mga atakeng ito ay kasunod ng serye ng red-tagging at paninira ng NTF-Elcac sa pamamagitan ng dati nitong tagapagsalita na si Antonio Parlade at Lorraine Badoy,” salaysay ng institusyon.

Mula 2018, wala nang awat ang red-tagging, panggigipit at tahasang pamamaslang ng ahensyang ito sa tauhan ng CERNET at kaugnayan nitong mga organisasyon. Noong 2020, dinukot ng mga pwersa ng estado si Elena Tijano, istap ng Farmer’s Development Center (FARDEC), isang samahang kaanib ng institusyon. Matapos nang isang taong sikreto at iligal na detensyon, natagpuang patay si Tijano sa isang ospital sa Maynila. Noon namang 2021, iligal na inaresto at sinampahan ng gawa-gawang kaso ang koordineytor nito sa Bohol na si Carmilo Tabada. Samantala, walang awat na ginipit ng estado si Ma. Ira Pamat, na direktor ng CERNET.

Nagpatuloy sa ilalim ng rehimeng Marcos ang panggigipit sa CERNET. Noong 2022, ginipit ng mga elemento ng AFP si Joe March Villarante, dati

nitong upisyal sa pinansya, at tinangkang “kunan ng impormasyon” tungkol sa organisasyon at kaalyado nitong mga grupo.

Noong Enero ngayong taon, dinukot ng mga elemento ng militar at ng NTF-Elcac si April Dyan Gumanao at kasintahan nito sa harap ng maraming tao habang pababa ng barko sa Cebu. Tanging ang malakas na panawagan para palayain sila ang nagpwersa sa mga dumukot sa kanila na pakawalan ang dalawa matapos ang ilang araw.

“Ang sistematiko at tuluy-tuloy na panggigipit sa institusyon, kabilang ang mga myembro, istap, mga partner na organisasyon ay labag sa mga karapatang protektado ng Bill of Rights, International Covenant on Civil and Political Rights, at ng International Convention on Social, Economic, and Cultural Rights,” pahayag ng CERNET. “Gayundin, ang sadyang pagtarget sa CERNET at iba pa ay labag sa kanilang mga karapatan bilang mga human rights defender, alinsunod sa nakasaad sa U.N. General Assembly Resolution 53/144.”

Nanawagan ang institusyon na ibasura ang Republic Act 10168, kilala bilang Terrorism Financing Prevention and Suppression Act of 2012, gayundin ang Anti-Terrorism Law, na ginagamit laban sa kanila at iba pang mga aktibista at tagapagtanggol sa karapatang-tao.

Samantala, kinundena ng Kilusang Mayo Uno ang panggigipit sa CERNET at kay Paglinawan na tumatayong bise presidente nito para sa Visayas.

Panawagan nito, itigil ang mga atake sa mga unyonista at aktibista.

## Reaksyunaryong sistemang hustisya, di epektibo sa pagresolba sa mga kaso ng paglabag sa karapatang-tao

Setyembre 28, 2023

Kinundena kamakailan ng grupo sa karapatang-tao ang sunud-sunod na mga desisyon ng Ombudsman at Court of Appeals kaugnay sa mga kaso ng mga paglabag sa karapatang-tao. Ayon sa grupong Karapatan, ang "nakababahala" na padron ng mga desisyong ito ay nagpapatunay sa kainutilan o kawalan ng mga mekanismo para harapin ang papalalang kalagayan sa karapatang-tao sa bansa.

Mariing kinundena ng grupo ang desisyon ng Ombudsman na ipawalangsala ang mga pulis na sinampahan ni Reina Nasino ng malupit at di makatarungang pagtrato sa kanya noong iligal siyang ikinulong. Maalalang namatay ang sanggol ni Nasino na si Baby River matapos ipagkait sa kanilang mag-ina ang panahong dapat magkasama sila.

Dagdag pa dito ang malupit na pagtrato kay Nasino sa burol at libing ng kanyang anak. Ikinagalit din ng grupo ang desisyon ng Ombudsman na magpataw ng napakagaan na parusang "reprimand" o pangangaral sa kaso ng red-tagging na isinampa ng National Union of Peoples' Lawyers (NUPL) laban sa mga tagapagsalita ng NTF-Elcac.

Samantala, binawi ng Court of Appeals ang writ of habeas corpus na una nang iginawad ng Korte Suprema para sa pagpapalitaw sa mga aktibistang sina Dexter Capuyan at Gene Roz Jamil de Jesus.

“Ang pagtanggi ng CA sa petisyon ng kanilang mga mahal sa buhay para sa writ of habeas corpus at ang nagpapatuloy na sapilitang pagkawala ng dalawa ay matitingkad na palatandaan na ang kasalukuyang ligal na mga kaparaanan ay, sa kalakhan, hindi epektibo para sa mga biktima ng sapilitang pagkawala,” pahayag ng Karapatan.

Ipinunto nito na kahit sa mga kasong iginawad ang writ of habeas corpus, tulad sa mga kaso nina Elizabeth Magbanua, Alipio Juat, Maria Elena Pampoza and Elgene Mungcal, ay wala ring pinatunguhan.

“Ang kamakailang mga desisyon na ito ay dagdag sa napakarami nang nauna, katulad ng pagbabasura ng Department of Justice sa kasong pagpatay laban sa mga pulis at iba pang upisyal ng gubyerno sa dalawang insidente ng Bloody Sunday, na nagresulta sa pagpaslang sa unyonistang si Manny Asuncion at mga aktibistang mangingisda na sina Ariel at Ana Mariz Evangelista,” ayon sa grupo.

Lumalala ang kawalang-hustisya sa ilalim ng rehimeng Marcos Jr.

“Malinaw, walang tunay na hustisya in “real time,” anito.

## 46 bala ng kanyon, pinasabog ng AFP sa mga kabundukan ng Masbate

Setyembre 29, 2023

Malaking gambala ang idinulot ng dalawang araw na pambobomba ng 2nd IB at 5th Field Artillery Battalion sa mga bundok ng Bagulayag, Uac at Irong-irong sa saklaw ng bayan ng Uson, Mobo at Milagros sa Masbate. Hindi bababa sa 46 ulit na kinanyon ng AFP ang lugar noong Setyembre 23-24.

Sa ulat ng Pambansang Katipunan ng mg Magbubukid (PKM)-Masbate, unang pinugpog ng mga bomba ang Mt. Bagulayag na nagsimula bandang alas-10 ng umaga hanggang 12 ng tanghali at mula alas-7 ng gabi hanggang alas-8 ng gabi noong Setyembre 23. Kinabukasan, halos isang oras na kinanyon ang nasabing bundok na nagsimula ng alas-9 hanggang alas-10 ng umaga.

Ang mga 105mm howitzer na ginamit ng mga sundalo ay nakapwesto sa kampo ng 2nd IB sa Barangay Panicijan, Uson, Masbate.

Ayon sa PKM-Masbate, putul-putol at nagkandabuwal ang mga puno ng niyog at kahoy na tinamaan ng mga bomba. “Maraming mga hayop ang napatay at maraming magsasaka at residente ang halong takot at galit ang naramdaman bunsod ng pagkawasak ng minamahal na kabundukang isa sa pinagmumulan ng kanilang kabuhayan,” dagdag ng grupo.

Pinasinungalingan ng PKM-Masbate ang pahayag ng militar na isang pagsasanay ng militar at live fire exercises ang ginagawa nila. Giit ng grypo, ang tunay na nilalayon ng mga sundalo ay tuluyang itaboy ang mga magsasaka at residente na naninirahan sa mga paanan at gilid ng mga bundok ng Bagulayag, Uac at Irong-irong para maalis ang mga sagka sa tuloy-tuloy na pagpapalawak ng Filminera-Masbate Gold Project.

Anang mga magsasaka, “tiyak na matapos ang pagwasak sa kabundukan ay susundan ito ng malawakang operasyong militar kasama ang mga tauhan ng kumpanyang Filminera upang tignan kung anong kayamanan ang kanilang mahuhuthot sa naturang mga bundok.”

Matatandaang bago pa man magsimula ang pagwasak sa mga bundok ay bumakwit na ang mga pamilyang nakatira sa mga gilid at paanan ng bundok Bagulayag at Uac kasama ang kanilang mga alagang hayop upang hindi tamaan ng mga nagliliparang mga bomba.

Tutol ang mga residente at magsasaka sa planong pagpasok ng kumpanyang mina ng Filminera sa lugar dahil sa malawakang perwisyong idudulot nito. Sa bayan ng Aroroy, kung saan dalawang dekadang nag-operasyon ang kumpanya, naitala ang pagkawasak sa kalikasan, paglason sa mga katubigan at ilog, pagkasira ng mga imprastrukturang sibil dulot ng malalakas na pagsabog sa minahan, pagguho ng lupa, pagpapalayas sa mga residente at magsasaka at militarisasyon at mga kaso ng paglabag sa karapatang-tao.

Tampok sa mga kasong ito ang pagkabutas noong 2013 ng tubo na dinadaluyan ng lasong kemikal na maruming tubig ng kumpanya. Tumagas ito sa Barangay Panique at umalingasaw ang amoy ng cyanide, isang masangsang at nakamamatay na lason. Naitala rin ng mga residente ang pagkamatay dulot ng lason ng kanilang alagang mga hayop na nakapastol malapit sa ilog.

## Panukalang badyet sa 2024 ng rehimeng Marcos, iniratsada

Setyembre 29, 2023

Isinagasa sa House of Representatives noong Setyembre 27 ng gabi ang General Appropriations Bill o panukalang pambansang badyet para sa 2024. Sa kontrol ng rehimeng Marcos Jr sa supermayorya ng kapulungan, 296 ang bumoto pabor sa panukala, habang ang tatlong kinatawan ng blokeng Makabayan ang tanging tumutol dito.

Dahil sa padedeklara ni Marcos Jr sa panukala bilang “urgent,” naipasa ito kahit sa loob lamang ng isang araw isinagawa ang ikalawa at ikatlong pagdinig. Walang amyenda sa inaprubahang panukala sa kabila ng maraming puna at kritisismong inilatag dito ang mga kinatawan ng Makabayan at mga prorgresibong organisasyon.

Ayon sa Kabataan Partylist, tutol ito sa panukala dahil sa bilyong confidential at intelligence fund (CIF) na nakasiksik dito habang napakalalaki ng kaltas sa pondo para sa edukasyon, kalusugan, at iba pang serbisyo. Kabilang sa mga kaltas na ito ang 5.8% na bawas sa badyet ng mga

pampublikong unibersidad at kolehiyo (state universities and colleges o SUC). Mula sa maliit na ₱107 bilyon ngayong 2023, bumaba pa sa ₱100.9 bilyon na lamang ang alokasyon para sa mga ito sa 2024. Lubhang malayo ito sa kailangang ₱331.34 bilyong badyet para sa 117 SUC.

Samantala, limpak-limpak na pondong pork barrel ang nasa direktang pasya ng Pangulo at Department of Budget and Management kung saan-saan gugugulin. Lolobo ito nang 42.5% o ₱739.1 bilyon sa taong 2024 mula ₱518.7 bilyon ngayong 2023. Kasama din dito ang magarbong travel pork ng Pangulo na dumoble at tumaas nang 101%.

"Pambansang badyet ito na magtitiyak ng pandarahas, kikbak sa mga proyektong pang-imprastraktura, standby pork at pambayad-utang," ayon kay Gabriela Women's Pary Rep. Arlene Brosas.

Bago ang botohan matapos ang ikatlong pagdinig, sinubukang kwestyunin ni Rep. Raoul Manuel ng Kabataan Partylist ang pagratsada sa pag-apruba sa badyet dahil wala namang kalamidad o emergency para gawin ito. Giit niya, hindi kinailangang madaliin ang pagdinig at imbes ay dapat bigyang daan ang mas maayos na talakayan at pag-aamyenda sa badyet.

Walang pakundangang pinatayan ng mikropono ng kongreso si Rep. Manuel at hindi na pinakinggan nang buo ang paliwanag niya.

Samantala, naglabas ng pahayag ang malalaking partido sa loob ng House of Representatives na pabor silang ilipat ang pondo para sa CIF na nakalaan sa mga upisina ni Sara Duterte. Pero imbes na ilaan ito sa serbisyong sosyal at iba pang pangangailangan ng mamamayan, ang pondong ito ay ililipat sa National Intelligence Coordinating Agency at National Security Council, mga ahensyang kilala sa mga iligal at brutal na operasyon laban sa aktibista at kritiko ng naghaharing pangkatin.

Ipinahayag ni Bayan Muna Chairman Neri Colmenares ang pagsang-ayon sa pagtatanggal ng CIF ngunit aniya, "hindi dapat ito ilipat bilang CIF pa rin sa ibang mga ahensya." Maaari naman umanong ilaan ito bilang badyet na dadaan sa mabusising pagtutuos at hindi nakatago o sikreto. "Walang kahit anong CIF. Ang pondo ng publiko ay dapat regular na matuos," dagdag pa niya.

Ang mungkahing ito ng mga partido ay hindi pa naibalangkas sa aktwal na panukalang batas na inaprubahan ng House of Representatives. Ipinaubaya ito ng kapulungan sa isang "maliit na komite" ng mga mambabatas na magpipinal sa mga amyendang ilalapat sa panukala.

Pangako ng blokeng Makabayan, bubusisihin nito ang "pinal" na badyet na ipapasa ng maliit na grupong inatasan para amyendahan ito. Maglalabas din ito ng hiwalay na listahan ng mga amyendang nais nitong makita sa pinal na panukala.

Samantala, nagbabala ang grupong Bagong Alyansang Makabayan (Bayan) na ang pagsagasa ng panukalang badyet nang hindi tinatanggal ang CIF dito ay lilikha ng mas malakas na pagtuligsa mula sa mamamayan.

## Sektor ng edukasyon, nagkaisa para isulong ang dagdag-sweldo

Setyembre 29, 2023

Nagtipon ang mga guro, edukador, estudyante at suportang personel ng mga pribado at pampublikong eskwelahan noong Setyembre 23 para itatag ang Education Workers' Alliance for Greater and Equitable Salaries (Educ WAGES) para isulong ang makabuluhang dagdag sweldo para sa lahat ng mga manggagawa sa sektor ng edukasyon. Isinagawa ang aktibidad sa University of the Philippines (UP) -Diliman sa Quezon City.

Pangunahing layunin ng alyansa ang sumusunod:

a. makipagtulungan sa pinakamalawak na bilang ng mga edukador, asosasyon, organisasyon at pederasyon para sa inisyatiba at programang nagsusulong ng dagdag na sweldo at benepisyo sa ekonomya

b. aktibong paglahok sa pakikipagdayalogo sa mga nasa pusisyon at paglulunsad ng mga mobilisasyon

c. pagkalap ng suporta sa publiko sa pamamagitan ng pagpirma sa petisyon at iba pang mga porma sa pamamagitan ng social media;

d. pag-imbita at pagbuo ng pagkakaisa sa hanay ng mga edukador para aktibong lumahok sa pagkampanya sa makatarungan at nakabubuhay na sahod

e. suportahan ang lahat ng panukalang lehislatibo na pumapabor sa layuning tugunan ang tumitinding kalagayan sa ekonomya ng mga manggagawa sa edukasyon.

Sa pagtatapos ng kanilang aktibidad ay pinirmahan ng mga lumahok sa pagtitipon ang nagkakaisang pahayag ng alyansa. Nagpaabot din ng pakikiisa sa mga manggagawa sa edukasyon sina Rep. France Castro ng ACT Teachers Party-list, Sen. Loren Legarda, Sen. Chiz Escudero, Sen. Risa Hontiveros, at Sen. Win Gatchalian.

Samantala, naglunsad ng koordinadong Black Friday Protest ngayong araw ang mga unyonistang guro ng Alliance of Concerned Teachers (ACT). Ang protesta ay paghahanda nila sa darating na nagkakaisang martsa ng mga kaguruan sa Oktubre 5, World Teachers' Day.

Kaugnay nito, iginigiit ng mga guro ang pitong kahingian ng sektor. Kabilang sa mga panawagang ito ang dagdag-sweldo para sa mga guro at manggagawa sa sektor ng edukasyon, pagpapaunlad ng benepisyo sa mga guro at empleyado sa edukasyon, pagtugon sa matagal nang mga kakulangan sa edukasyon para makabawi sa pagkatuto ng mga bata, buong pagpondo sa libreng edukasyon sa kolehiyo, at pagbasura sa kurikulum ng K to 12 at paglulunsad

ng bukas, demokratiko at tunay na konsultasyon kaugnay nito.

"Hindi mga konsyerto o libreng masahe ang aming kailangan. Ang aming kailangan ay mga programang magbabago sa aming kalagayan, at sa kagyat ay marapat na tugunan ng administrasyong Marcos-Duterte ang aming pitong mayor na kahingian," pahayag ni Vladimer Quetua, Tagapangulo ng ACT-Philippines.

## Dagdag-sahod sa Central Luzon, kulang na kulang

Setyembre 30, 2023

Tinawag ng mga manggagawa sa Central Luzon na "batay sa salamangka" ang iginawad na dagdag-sahod ng Regional Tripartite Wages and Productivity Board Region III (RTWPB III) noong Setyembre 28. Nakasaad sa inilabas ng ahensya na Wage Order No. RBIII-24 ang kakarampot na ₱40 na dagdag sa kasalukuyang ₱460 arawang minimum sa mga empresang may 20 manggagawa pataas. Samantala, tataas lamang ang ₱413 tungong ₱453 na sahod ng mga manggagawa na nasa mga empresang may mas mababa sa 10 manggagawa.

Para sa mga manggagawang pang-agrikultura sa mga plantasyon, tataas mula ₱430 tungong ₱470, habang ang mga wala sa plantasyon ay tataas lamang mula ₱414 tungong ₱454.

Magiging epektibo ang mga bagong minimum mula kalagitnaan ng Oktubre. Naganap ang

pagtataas ng sahod matapos magpetisyon, manawagan at lumahok sa konsultasyon ang mga manggagawa sa pangunguna ng Central Luzon Workers for Wage Increase (CLWIN).

“Gaya ng inaasahan na, tulad sa iba pang mga rehiyon, hindi ibibigay ng RTWPB ang kahilingan para sa nakabubuhay na sahod,” pahayag ng grupo. “Alam nating tutuparin lamang nito ang tungkuling ipako sa mababang antas ang sahod sa mga rehiyon para sa bentahe ng mga economic zones sa mga ito na pinatatakbo ng dayuhang kapital.”

Bwelta ng mga manggagawa, makikita kung paano na naman nagsalamangka ng mga numero ang gubyerno para bigyang katwiran ang napakababang dagdag sahod sa bagong wage order. Ginamit ng wage board ang pasong datos ng Philippine Statistics Authority (PSA) noong 2021 kung saan ang poverty threshold (hangganan ng karalitaan) sa rehiyon ay inilagay sa napakababa at di nakabubuhay na ₱13,160 para sa isang lima-kataong pamilya. Ito ay para panatilihing mababa ang sahod at sweldo.

Ayon sa pananaliksik ng Ibon Foundation, nasa ₱1,108 ang nakabubuhay na sahod para sa Central Luzon noong Hulyo. Wala pa sa kalahati nito ang dating minimum na sahod na nasa ₱460 kada araw at kahit sa magiging bagong minimum na ₱500 kada araw.

“Binabago-bago ng gubyerno ang pamantayan ng batayang pangangailangan para mabuhay upang linlangin ang mamamayan,” bwelta ng mga

manggagawa. Kasabay ng pambabarat sa sahod ang patuloy na paglaganap at paglawak ng kontraktwalisasyon at pag-atake sa karapatang mag-unyon ng mga manggagawa sa Region III.

“Hangga’t bansot ang ating industriya at nananatiling nakaasa ang bansa sa dayuhang pamumuhunan, titiyakin ng gubyerno na mababa ang sahod, walang katiyakan sa trabaho at di-organisado ang mga manggagawa para maengganyo ang mga dayuhang kapitalista na dito maglagak ng kapital,” ayon pa sa CLWin. “Mananatili ring maraming nag-aagawan sa trabaho kahit kalunus-lunos ang pasahod at kalagayan sa paggawa dahil hindi nakakalikha ng sapat at istableng hanapbuhay ang lipunan.”

Pangako ng grupo ang pagpapatuloy sa paggigiit na itakda ang sahod batay sa “pangangailangan natin at ng ating pamilya para sa disenteng pamumuhay.”

## Dinukot ng miilitar na mga tagapagtanggol ng kalikasan, dumulog ng proteksyon sa Korte Suprema

Setyembre 30, 2023

Naghain ng petisyon noong Setyembre 28 para sa “writ of amparo” at “habeas data” sa Korte Suprema ang mga abugado nina Jonila Castro at Jhed Tamano, mga aktibistang tagapagtanggol ng kalikasan na nakalaya mula sa pagdukot at iligal na detensyon ng 70th IB. Humingi din ang sila ng pansamantalang proteksyon para sa dalawang

aktibista at kanilang mga pamilya sa harap ng mga banta sa kanilang buhay.

Ang writ of amparo ay iginagawad na proteksyon ng Korte Suprema sa mga indibidwal o grupong may banta sa buhay, kalayaan at kaligtasan mula sa militar, pulis at estado. Ang habeas data naman ay nag-oobliga sa mga ahensya ng estado na ilabas at sirain ang lahat ng dokumento o impormasyon na tinipon ng militar at pulis laban sa mga indibidwal o grupong ito.

Sina Castro at Tamano, na kapwa aktibo sa paglaban sa rekalmasyon sa Manila Bay, ay biktima ng sapilitang pagkawala, iligal na detensyon, tortyur at iba pang mga paglabag sa kanilang karapatang-tao ng mga pwersa ng 70th IB, at kasapakat nito sa National Task Force-Elcac.

Dinukot sina Tamano at Castro sa Orion, Bataan noong September 2. Kalaunan ay nagpakilala sa dalawang biktima ang mga dumukot sa kanila bilang ahenteng paniktik ng 70th IB. Sa loob ng 14 araw, itinanggi ng militar na hawak nila ang dalawa. Matapang na ibinunyag nina Tamano at Castro ang pagdukot sa kanila ng militar sa isang press conference na ipinatawag ng NTF-Elcac noong Setyembre 19 para sana iharap sila na mga "surenderi."

Sinuportahan ng Karapatan at iba pang mga grupo sa karapatang-tao ang ligal na hakbang ng mga biktima. "Sa nagdaang linggo mula nang ipresenta sila sa midya bilang mga pekeng "surrenderee," nakita natin kung paanong ang

NTF-Elcac, Armed Forces of the Philippines (AFP), at iba pang upisyal ay patuloy na nire-red-tag, sinisiraan, at binabantaan sila ng mga kaso," ayon kay Cristina Palabay, pangkalahatang kalihim ng Karapatan. Giit niya, ang mga petisyon para sa writ ay paraan para protekthan ang mga biktima sa walang-hiyang pagtatakip sa pagdukot sa kanila ng estado.

Kabilang sa mga inireklmo ng dalawang biktima sina 70th IB Commanding Officer Lt. Col. Ronnel dela Cruz, mga myembro ng 70th IB ng Philippine Army, Police Captain Carlito Buco at mga miyembro ng Philippine National Police sa Bataan, National Security Council Assistant Director General Jonathan Malaya, NTF-Elcac at lahat ng kumikilos batay sa utos ng mga nabanggit na ahensya ng gubyerno.

Kung kakatigan ng Korte Suprema ang petisyon para sa writ of amparo, maidedeklara ang mga pinangalanang respondent bilang responsable sa sapilitang pagkawala at iligal na detensyon nina Castro at Tamano. Ang dalawa ay tinulungan ng Free Legal Assistance Group sa pagsasampa ng petisyon.

"Kailangang ang patuloy na pagbabantay at militansya para lubusang tiyakin ang proteksyon at pagtatanggol sa karapatan hindi lamang nina Castro at Tamano, kundi lahat ng nasa ilalim ng pagbabanta ng mga pwersa sa seguridad ng estado ng administrasyong Marcos Jr," ayon pa kay Palabay.

## Grupo ng kababaihang magsasaka, di bilib sa mga pahayag ni Marcos sa liberalisasyon at presyo ng bilihan ng bigas

Setyembre 30, 2023

Tinawag ng grupo ng kababaihang magsasaka na Amihan na “hindi kapuri-puri” ang desisyon ni Ferdinand Marcos Jr na tanggihan ang rekomendasyon ng mga upisyal ng estado na ibaba kundiman tanggalin ang taripa sa imported na bigas.

“Hindi kapuri-puri si Marcos Jr dahil ang nagtulak ng zero tariff ay mga appointees n’ya, alter-ego niya sa mga ahensya,” ayon sa Amihan sa pahayag noong Setyembre 27. Isang linggo bago nito, nagbigkis ang 26 samahan ng mga magsasaka para ipanawagan na patalsikin sa pwesto sina NEDA chief Arsenio Balisacan at kalihim ng pinansya na si Benjamin Diokno, ang dalawang upisyal ng estado na nagrekomenda nito.

Ayon sa Amihan, dapat pa ngang isama si Marcos sa mga sisingilin sa mga kontra-magsasaka at neoliberal na patakaran ng estado sa agrikultura, kabilang ang Rice Liberalization Law na nagsisilbing balangkas ng pagpapababa at sa kalauna’y pagtatanggal sa taripikasyon.

“Hindi niya tinutulan ang pagpapababa ng taripa, sabi lang niya ay wala ito sa tamang panahon (timing),” pahayag ng grupo.

Hindi rin bilib ang Amihan sa utos ni Marcos na itaas ng National Food Authority ang buying price o bilihan ng palay tungong P24 kada kilo.

“Yung pagtaas ng NFA buying price, walang epekto (yan dahil) ang bolyum na mabibili n’yan at walang magiging impact sa anihan sa Oktubre.”

## Nag-ooperasyong tropa ng 80th IB, pinatamaan ng BHB-Quezon

Setyembre 30, 2023

Isang sundalo ng 80th IB ang napatay at dalawa pa ang nasugatan sa armadong aksyon ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Quezon noong Setyembre 27 sa Sityo Mararaot, Barangay Lumutan, General Nakar, Quezon. Ang naturang yunit ng 80th IB ay halos dalawang linggo nang nag-ooperasyon sa lugar.

Ang General Nakar ay bogus na idineklarang “insurgency-free” noon pang Pebrero. Sa kabila nito, hina-hamlet ng mga sundalo ang komunidad ng mga magsasaka na labis na nakaaapekto sa kanilang buhay at kabuhayan. Ang operasyon nilang ito ay nagbigay takot sa pamayanan. Kinokontrol din ng mga berdugo ang pagbili ng pagkain ng mga residente. Ibayong nagpapatindi ito sa dinaranas nilang kahirapan na nataon sa “kawit ang palakol” o walang hanap-buhay dulot ng tag-ulan.

Ang mamamayan sa bayan ng General Nakar ay malaon nang tinarget ng militarisasyon at operasyong kombat ng militar dahil sa kanilang

pagtutol sa pagtatayo ng proyektong Kaliwa-Kanan-Laiban Dam na magpapalayas sa buu-buong komunidad ng katutubo, pareho sa Rizal at Quezon.

Sa harap nito, ayon sa tagapagsalita ng BHB-North Quezon na si Ka Eli dela Guerra, palaging nakahanda ang yunit nila at nagpupunyagi na ipagtanggol ang kapakanan ng manamayan at panagutin ang mga berdugong 80th IB na may mahabang listahan ng paglabag sa karapatang-tao at panlilinlang sa mamamayan.

## Niratsadang panukalang badyet sa pasismo at kurapsyon, binatikos ng kabataan

Setyembre 30, 2023

Naglunsad ng koordinadong protesta ang mga estudyante sa pitong pribado at pampublikong unibersidad sa Metro Manila noong Setyembre 29 para batikusin ang batbat sa korapsyon at niratsadang panukalang badyet para sa 2024. Sa pangunguna ng mga progresibong organisasyon tulad ng League of Filipino Students, ipinabatid nila ang pagkabahala sa napakalaking pondo para sa confidential at intelligence funds habang kakarampot lamang na pondo ang inilaan sa serbisyo publiko.

Nagtipon ang mga estudyante ng Far Eastern University (FEU), University of the East, National University, at University of Santo Tomas sa harap ng kampus ng FEU sa Morayta sa Maynila para sa kanilang protesta. Nagkaisa sila sa ilalim ng

alyansang ONE U-Belt, isang pormasyon ng iba’t ibang unibersidad laban sa tiraniya at pasismo.

Sa kampus ng De La Salle University sa Taft Avenue sa Maynila, nagtipun-tipon din ang mga estudyante para sa isang protesta. Kumilos din ang mga kabataang estudyante ng Ateneo de Manila University sa kampus nito sa Katipunan Avenue, Quezon City. Lumahok din sa pagkilos ang mga iskolar ng bayan mula sa Polytechnic University of the Philippines sa kampus nito sa Sta. Mesa sa Maynila.

Ipinanawagan nila ang tuluyang pagbabasura ng confidential funds at iginiit na ilaan ang pondo para sa dagdag-badyet sa libreng edukasyon at iba pang serbisyo pampubliko.

Ang General Appropriations Bill o panukalang pambansang badyet para sa 2024 ay isinagasa sa House of Representatives noong Setyembre 27 ng gabi. Sa kontrol ng rehimeng Marcos Jr sa supermayorya ng kapulungan, 296 ang bumoto pabor sa panukala, habang ang tatlong kinatawan ng blokeng Makabayan ang tanging bumoto ng pagtutol.

Dahil sa padedeklara ni Marcos Jr sa panukala bilang “urgent,” naipasa ito kahit sa loob lamang ng isang araw isinagawa ang ikalawa at ikatlong pagdinig. Walang amyenda sa inaprubahang panukala sa kabila ng maraming puna at kritisismong ibinato laban dito ang mga kinatawan ng Makabayan at iba’t ibang sektor sa lipunan.